




#PILipiLUNAS2022
Governance Agenda:

*Pag-angat at Pagsulong Tungo sa
Magandang Buhay at Bukas*



Ehekutibong Buod
Abril 29, 2022

Opisina ng Tsanselor
Unibersidad ng Pilipinas Diliman
Task Force on a Blueprint for Building the Nation





NILALAMAN

01 INTRODUKSYON

06 PANUNUMBALIK AT PAGBABAGONG PANG-EKONOMIYA

11 PAMBANSANG PANLIPUNANG PROTEKSYON

15 MATAAS NA ANTAS NG EDUKASYON

18 PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL

24 PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON

29 MGA REPORMANG ELEKTORAL AT POLITIKAL

33 PAMAHALAANG LOKAL

37 UGNAYANG PANLABAS

40 PAGKILALA/PASASALAMAT

INTRODUKSYON



Ang Misyon

Ang Unibersidad ng Pilipinas Diliman #PILipiLUNAS2022 Governance Agenda ay naglalayong isulong ang isang sustentable/matatag, pantay-pantay, mapanglangkap, at makapagpanibagong pambansang pag-unlad. Ito ay ambag/kontribusyon ng Unibersidad ng Pilipinas Diliman Task Force on a Blueprint for Building the Nation, sa ilalim ng Opisina ng Tsanselor, sa pambansang konsultasyon/pag-uusap ukol sa mga alternatibong patakarang dulot ng pandemya, at gayundin ng pambansang halalan noong ika-9 ng Mayo, kung saan nakataya ang pinakamataas na posisyon ng bansa. Mula rito, ang proseso ng pagbuo ng agenda na ito ay ginawa sa konteksto ng bansa na nasa panahon ng pagbabago. Layong gamitin ng Unibersidad ang kaniyang kadalubhasaan, kasanayan, at praktika upang makatulong matapos ang pandemya at sa politikal na transisyon tungo sa isang makapagpanibagong hinaharap para sa mamamayang Filipino.

a) Ang mga rekomendasyon sa patakarang ng Agenda ay mula sa mga serye ng webinar ng #PILipiLUNAS2022, na inorganisa ng Task Force mula Agosto 2021 hanggang Abril 2022, upang bigyang-tuon ang mga patakarang nangangailangan ng agarang tugon, kung saan dalubhasa ang akademikong komunidad ng UP Diliman. Sakop ng mga rekomendasyon ang walong saklaw na patakarang: (i) panunumbalik at pagbabagong pang-ekonomiya, (ii) pambansang panlipunang proteksiyon, (iii) mataas na edukasyon, (iv) patakarang pang-industriyal, (v) pampublikong transportasyon, (vi) pamahalaang lokal, (vii) mga repormang electoral elektoral at politikal, at (viii) estratehikong patakaraang panlabas. Ang iba't ibang suliranin na lumutang sa mga webinar ay ang tungkulin ng estado sa pagbibigay-direksiyon, pag-iisa at pag-uugnay ng pagkilos, at ang mga mapagkukunan (resources) upang maisakatuparan ang mga kinakailangang reporma.

b) Binigyang-pansin sa mga rekomendasyon ang pangangailangan ng pagkakaroon ng isang estadong may mataas na kapasidad na pag-unlad at pragmatiko, isang aktibong mamamayan, at pakikisangkot/pakikilahok ng akademikong komunidad - na lahat ay gumagawa/kumikilos para sa kabutihan ng lahat. Dito, ang estado ay may-kaalaman, may-layon, at may demokratikong pamumuno, habang ang mga lokal na komunidad at iba't ibang sektor ay may akses at kontrol sa mga mapagkukunan (resources) ng pag-unlad upang isulong ang kanilang sariling pag-unlad.

INTRODUKSYON



Ang Konteksto

1. Nasa sangang-daan ang Pilipinas ngayon. Itinuturing ang bansa na kabilang sa pinakamabilis na lumalagong ekonomiya sa mundo sa nakalipas na dekada, nakaranas ang bansa ng pagbagsak ng ekonomiya sa kasagsagan ng pandemyang COVID-19. Sa pagbaba ng gross domestic product (GDP) ng 9.5%, mabilis at matindi ang pagbagsak ng ekonomiya at ang epekto nito ay agaran at laganap, partikular sa mga pangkabuhayan sa kanayunan, oportunidad sa trabaho, at mga endowment.

2. Hindi rin umuusad ang bansa ngayon. Tinatayang aabot ng apat na dekada bago muling makabangon ang ekonomiya ng Pilipinas mula sa pinsalang dulot ng pandemyang COVID-19. Ayon sa pag-aaral ng National Economic and Development Authority (NEDA) noong 2021, humigit-kumulang PhP4.3 trilyon ang nawala sa ekonomiya noong 2020 at aabot sa PhP37 trilyon ang mawawala pa sa susunod na 10 hanggang 40 taon.

3. Ang Pilipinas ay bumangon mula sa pandemya na nahaharap sa napakaraming hamon, kabilang ang pagbaba ng pribadong pagkonsumo, mataas na bilang ng walang trabaho, pagbaba ng sahod sa gitna ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin, matamlay na usad ng pamumuhunan, at, ang pinakamalubha sa lahat ay ang posibleng pagtaas muli ng sitwasyon ng kahirapan. Nakasandig ang pagtatasa sa tatlong pangyayari:

a) Ang mga Micro, Small, and Medium Enterprise (MSME), na bumubuo ng higit sa 99% ng pormal na ekonomiya, ay direktang nakaranas ng hirap dulot ng pandemya. Noong Hulyo 2021, iniulat ng Kagawaran ng Kalakalan at Industriya (Department of Trade and Industry) na 10% ng mga MSME ang nagsara, habang 46% ay bahagyang nang-nagbukas. Karamihan sa MSME ay maliit na negosyo, na nangangailangan ng face-to-face sa paghahatid ng serbisyo, ipinahayag nila ang matinding paghina ng kanilang negosyo sa panahon ng pandemya. Ayon sa survey ng Philippine Statistics Authority (PSA) noong unang bahagi ng 2020, nakita ng sektor ng serbisyo na bumaba ng -2% ang may trabaho.

INTRODUKSYON



b) Dumarami ang nawawalan ng trabaho. Ayon sa PSA, noong Abril 2020, nasa 17.6% ang walang trabaho, nangangahulugang nasa 7.2 milyong Filipino nabibilang dito. Noong Pebrero 2022, bumaba ang antas ng walang trabaho sa 6.4%, ngunit mas mataas pa rin ito kaysa noong 2019 bago tumama ang pandemyang COVID-19. Bukod dito, ipinakita ng Labor Turnover Statistics ng PSA na ang bilang ng mga manggagawang natanggal o nagbitiw sa kanilang mga trabaho ay mas mataas kaysa sa bilang ng mga manggagawang tinanggap sa trabaho. Lumaki ang agwat mula 1.9% sa huling bahagi ng 2019 hanggang -1.2% sa ikalawang bahagi ng 2021. Nangangahulugang, sa bawat 1,000 manggagawa, 81 ang natanggal o nagbitiw sa kanilang trabaho, habang 70 lamang ang natanggap sa trabaho sa ikalawang bahagi ng 2021.

c) Nanatili ang labis na kahirapan, kahit sa higit dekadang mabilis na paglago ng ekonomiya. Masama pa, ang istatus ng kontra- kahirapan (anti-poverty) ay maaaring magbago. Sa isinagawang survey noong Hunyo 2021 ng Social Weather Stations (SWS), 48% ng mga pamilyang Filipino ang nagsabing sila ay mahirap. Ayon sa PSA, tumaas mula 21.1% noong 2018 tungo sa 23.7% noong 2021 ang mga Filipino na walang sapat ang kita para matugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan. Nangangahulugan ito, na 26.14 milyong Filipino noong 2021 ang nabibilang sa kahirapan.

Ang Pagsusuri

4. Dulot ng krisis, nakita ang mga kahinaan ng kalagayan ng pag-unlad ng bansa.

a) Binigyang-pansin nito ang estratehiya ng pamahalaan upang tumaas ang pribadong pagkonsumo at isulong ang higit pang pagtaas ng kalakalan sa mga serbisyo, nang walang komprehensibong estratehiyang industriyal.

b) Binago nito mula pangkalahatan tungo sa inaasam na hakbang ang pagtugon sa kahirapan upang mapagaan at magpatuloy ang pagbaba ng kalagayan ng kahirapan, ngunit hindi nito napabuti ang pamantayan ng pamumuhay o ang agwat ng istatus ng nakakaangat at nasa laylayan.

5. Inilantad din ng pandemya ang kahinaan ng estado sa institusyonal at lohistikal na kapasidad upang matugunan ang mga pambansa at pandaigdigang kagipitan.

INTRODUKSYON



a) Napatunayang ang gobyerno ay hindi handa at hindi masyadong nakatutugon COVID-19. Bagaman kabilang sa pinakamalubhang natamaan sa rehiyon, pinakamababa ang ekonomiya ng Pilipinas sa ASEAN batay sa tantyang halaga ng fiscal measures na ipinatupad mula noong simula ng pandemya. Ayon sa International Monetary Fund (IMF), mula Enero 2020 hanggang Oktubre 2021, gumastos ang Pilipinas ng 5.1% ng GDP nito sa fiscal measures (inilaan ang 0.9% nito sa sektor pangkalusugan). Sa kabilang banda, gumastos ang Malaysia ng 9.7% ng GDP nito (0.2% ay napunta sa sektor pangkalusugan), Indonesia ng 10.2% (2% ay inilaan sa sektor pangkalusugan), Thailand ng 18.8%, at Singapore ng 23.1% (4% ay napunta sa sektor pangkalusugan).

b) Sa apat na dekada ng desentralisasyon at pagsasapribado ng mga serbisyong panlipunan, nabigong maihatid ng pamahalaan ang epektibong pagtugon sa pambansang krisis pangkalusugan at, sa katunayan, ay naglantad ng labis kahinaan ng estratehiyang iyon. Ang gobyerno ay kulang ng isang pambansa at episyenteng imprastruktura upang magsagawa ng mabilis na testing, contact tracing, at malawakang mga kampanya sa pagbabakuna - puwang na naglagay sa pangangailangan ng total lockdown upang makontrol ang virus.

Ang Transisyon/Pagbabago

6. Nasasaksihan ng bansa ang nagaganap na dalawang mabilis na pagbabago. Una, ang transisyon natin mula sa pandemya tungo sa panahon matapos ang pandemya. Ikalawa, sinusuong natin ang pagtatapos ng termino ng pagkapangulo ni Duterte tungo sa isang bagong pamunuang politikal. Anumang haharapin natin sa susunod na anim hanggang sampung taon ay kinakailangan nating maging sensitibo sa dalawang transisyong ito.

7. Ang landas mula sa pandemya tungo sa panahon matapos ang pandemya ay matibay inaayunan sa pamamagitan ng reaksiyon ng publiko sa karanasan ng bansa mula 2020 hanggang sa kasalukuyan, halimbawa, ang higit na kahingian ng publiko mula sa gobyerno, lalo na sa mga panahon ng pambansang kagipitan. Mula sa survey ng Pulse Asia Research, Inc. o "Pulse Asia" noong Hunyo 2021, 19.4% ng mga respondent ang nagsabing ang pangunahing kakulang sa pagtugon ng pamahalaan ay ang kakapusan ng tulong sa mga naapektuhan ng pandemya, habang 18.7% ang nagsabing mabagal at hindi mabisa ang pagbibigay ng bakuna. Ayon sa lahat, ang tugon ng gobyerno sa isang umiiral/eksistensiyal na (makasaysayang) krisis ay mailalarawan bilang "hindi sapat at huli na."

INTRODUKSYON



8. Samantalang, ang maselan at kritikal ang transisyong political. Ang halalan ay maghahatid sa isang bagong pinunong politikal na mamamahala sa panahon matapos ang pandemya.

a) Mayroong 18,314 na posisyong nakataya, kabilang ang pagkapresidente at ang pagkabise-presidente, upang harapin ang paparating na kritikal na panahon kung saan matatanto natin kung ang tunay na pagbabago ay makakamit na o kung mananatili gaya ng dati ang bansa. Mas malaki ang nakataya ngayon, at mahalaga at napapanahong na suriin ang mga politikal na preperensiya at pangangailangan ng mga tao.

b) Naghahanap ang mga Filipino ng pinunong maka-masa at magpapatupad ng batas na walang kinikilingan. Batay sa survey ng Pulse Asia noong Marso 2018 hanggang Marso 2019, ang pinakamahalagang katangian ng pinuno ng bansa ay ang pagiging maka-masa o pagkakaroon ng track record sa pagtulong sa mahihirap (62%), na sinundan ng may-kakayahang ipatupad ang batas nang walang kinikilingang makapangyarihan man o mga ordinaryong tao (42%).

c) Ang papel ng political dynasties ay naging debate sa paglipas ng panahon. Batay sa isinagawang survey ng Pulse Asia, tumaas ang ayaw bumoto sa mga kandidatong may kaugnayan sa kasalukuyan o dating mga halal na opisyal ng gobyerno sa nakaraang dalawang dekada. Ang porsyento ng mga respondent na kontra sa political dynasties ay tumaas mula 35% noong Marso 2001 tungo sa 47% noong Hunyo 2021.

9. Para sa maraming Filipino, ang pinakamahalagang tugunan ng gobyerno ay ang ugnayan ng pagtaas ng presyo ng bilihin at ng sahod. Mula sa survey ng Pulse Asia noong Hunyo 2021 sa State of the Nation Address, napag-alaman na ang dalawang isyung ito ang pinakanauunang nasa isip ng mga tao. Sa katunayan, ipinahihiwatig sa isa pang survey ng Pulse Asia na isinagawa noong Disyembre 2019 hanggang Hunyo 2021, na ang di-sapat na sahod ng mga tao at ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin at serbisyo ang isang salik sa pagbagsak ng rating ng administrasyon na mababa sa 50%.

10. Ayon sa National Economic and Development Authority (NEDA), nais ng mga Filipino ang isang buhay na may matatag na ugnayan ng pamilya at komunidad. Mula sa survey ng NEDA na isinagawa noong 2015 sa 10,000 Filipino, napag-alaman na ang pangarap na buhay ng mga Filipino pagsapit ng 2040 ay isang buhay kasama ang kanilang mga pamilya, kung saan mayroon silang oras upang makasama ang kanilang mga kaibigan, magkaroon ng balanseng trabaho-buhay, at isang matatag na komunidad. Mahalaga itong malaman kaugnay sa padron ng pag-unlad ng bansa na labis na nakadepende sa eksportasyon ng manggagawa/export labor/labor export.

ANG PAGBANGON AT PAGBABAGO NG EKONOMIYA



Ang Kalagayan: Habang humuhupa ang pandemyang COVID-19, tila humahalintulad ang pagbagsak ng ekonomiya sa pinakamalalang sinapit nito noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Nang dahil sa implasyon at mababang reyt ng kawalan-ng-trabaho, nagsisimulang tumaas ang domestic demand. Gayumpaman, ang piskal na kalagayan ng bansa, kalidad ng institusyonal na pamamahala, at talamak na deposit sa kalakalan ay nagbibigay ng mga tanong hinggil sa kung ang pagbangon ay hahantong sa isang pagbabagong humahakbang nang pasulong.

Napatunayan nang isang lantad at malawak na pampamulat sa Pilipinas ang pandemyang COVID-19. Ang Gross Domestic Product (GDP) ng bansa ay lumiit ng 9.5 porsiyento noong 2020, ang unang taunang pagbaba mula noong Asian Financial Crisis noong 1998. Ang krisis sa kalusugan, ang paghihigpit sa paglabas ng bahay at/o pagbiyahe (mobility restrictions), at ang pagbagsak ng ekonomiya ay nagresulta ng matinding pagkaunti ng pinagsama-samang suplay at demand. Upang mapanatili ang sambahayan at mga negosyo, gumastos nang malaki ang pamahalaan, sa antas na hindi pa kailanman naitatala, na siya ring nagresulta ng pagtaas at paglaki ng utang ng bansa. Ang utang ng bansa sa reysyo ng GDP, ayon sa Bureau of the Treasury, ay tumaas sa humigit-kumulang 60 porsiyento noong 2020, kumpara sa 40 porsiyento na naitala bago ang pandemya. Kaugnay nito, ang halaga ng piskal ng Pilipinas ay nanatiling mababa, kumpara sa mga kalapit na bansa, kung saan ang gastos ng mataas na pamahalaan ay nauuwi sa mas mataas na paglaki.

Ang mababang kalidad ng pamamahala ay napatunayan nang isang batayang nagtatakda para sa mababang reyt ng pag-unlad at pagbibigay ng di-maayos na mga serbisyo sa panahon ng pandemya. Batay sa Worldwide Governance Index, ang Pilipinas ay nahuhuli sa mga alituntunin ng iba't ibang dimensyon ng institusyonal na kalidad, kumpara sa iba pang bansang bahagi ng ASEAN 5 (Indonesia, Malaysia, Singapore, at Thailand), na nakaposisyon bilang pinakamalala sa isyu ng katiwalian, pananagutan, politikal na kaayusan at karahasan, maayos na pamamahala, at pagpapatupad ng alituntunin ng batas. Ang pagbaba mula 2017 ng mga dayuhang pamumuhunan (foreign investments) ay bunga ng isang di-maayos na pamamahala, bagay na mahalaga upang makatulong sa pagpapataas ng produktibidad ng bansa, makalikha ng mga trabaho, at mapalawak ang sakop ng teknolohiya.

Sa pagmamanupaktura (manufacturing) pinakamalakas ang pakikilahok ng Pilipinas sa Global Value Chain (GVC), lalo na sa electronics, mga makinarya at kagamitan, mga kagamitan sa transportasyon, mga kagamitan sa precision (o industrial), at mga produktong metal. Gayumpaman, ang antas ng pakikilahok ng bansa sa GVC ay bumaba simula pa noong 2011.

ANG PAGBANGON AT PAGBABAGO NG EKONOMIYA



Kung ikukumpara sa ibang pang-ekonomiyang merkado ng ASEAN (Singapore, Malaysia, Thailand, at Indonesia), noong 2019, naitala ang pinakamaliit na komparatibong bentaha ng bansa para sa bawat isang “four-line” na mga produkto, na nagpapahiwatig ng kawalan nito ng kakayahan para makipagkompetensiya sa pakikipagkalakalan sa ibang bansa (export market). Ang kawalan ng pagkakaroon ng dibersidad ay nakikita rin sa nangungunang dalawampung destinasyon, na naitala at makasaysayang binilang, para sa higit sa 90 porsiyento ng kabuoang kita sa pakikipagkalakalan (export) ng bansa, at sa nangungunang dalawampung aytem, na karaniwang bumubuo ng higit sa kalahati ng kabuoang kita sa pakikipagkalakalan (export) ng Pilipinas.

Kaugnay nito, ang bansa ay dumaranas din ng talamak na depisit sa kalakalan. Sa hanay ng mga bansang ASEAN, nasa ikaanim na puwesto ang bansa sa usapin ng kabuoang halaga ng pakikipagkalakalan (export) noong 2020. Ang pag-export ng mga kalakal ng Pilipinas sa orihinal nitong mga presyo ay pangkalahatang bumagsak matapos ang kasagsagan ng 2000, at sa kaparehong panahon, ang pag-import ay patuloy na hinigitan ng pag-export. Mula 2011, tumungtong ang bansa sa isang mataas na yugto ng pag-unlad, na nagresulta ng pagpaparami sa malawakang kakulangan o depisit sa kalakalan. Ang pagtaas at pagdami ng bilang ng import ay maaaring bahagyang sumasalamin sa lumalaking kawalan-ng-kakayahan ng mga domestikadong base ng suplay (domestic supply base) upang matugunan ang kabuoang pangangailangan ng prodyuser at konsyumer, at maaaring makita o masubaybayan sa mahina at mali-maling paglago o pag-unlad sa mga pangunahing aytem sa pakikipagkalakalan, gaya ng electronics at mga makinarya, mga kagamitan sa transportasyon, at mga kasuotan o damit.

Pagsusuri ng Blueprint: Natuklasan ng pandemya ang parehong kalakasan at kahinaan ng ekonomiya ng Pilipinas; gayundin ang mga patakaran at institusyon na sangkot sa pagbangon nito matapos ang pandemya.

Ang sitwasyon ng piskal na utang ng bansa ay nagdudulot ng mga kapahamakan, kabilang ang pagtaas ng pambansang utang ng Pilipinas. Ang hindi pangongolekta ng sapat na kita ay maaaring magresulta ng mas maraming utang at pagtaas ng nibel ng kapahamakan, na nangangahulugan ng pagtalikod sa mga oportunidad para sa pamumuhunan (investments). Upang hindi lumaki ang utang, at sa gayon, mabawasan ang mga kapahamakang kaugnay nito, maaaring gamitin ng pamahalaan ang pangunahing balanseng nagpapatatag sa utang, isang sukatan na tumitingin sa kalabisan o kakulangan, na kailangang patakbuhan ng pamahalaan.

ANG PAGBANGON AT PAGBABAGO NG EKONOMIYA



Kailangan ng Pilipinas ang tatlong porsiyento ng kalabisan ng GDP upang hindi tumaas ang stock ng utang. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagtataas ng buwis, at nangangahulugan ito ng pagpapalago sa kasalukuyang ekonomiya. Sa mas mabilis na paglago, mas tataas ang utang na maaaring maging sakop.

Higit sa pag-asa hinggil sa paglago ng ekonomiya, kailangan ding maghanap ng mga hakbang o paraan, na makapagbibigay ng kita, upang sa pangkalahatan, maiwasan ang paglaki ng utang ng bansa. Ang iba pang salik na makapipigil sa pagtaas ng utang ng bansa ay ang interes reyt ng domestikado at dayuhan (domestic and foreign interest rates). Hanggang mababa ang mga reyt na ito, maiiwasan ng bansa ang pagtaas ng utang nito. Makakayanan pa ng Pilipinas ang humiram o umutang nang kaunti para sa mga produktibong paggastos, ngunit kinakailangan ang masusing pagbabantay sa potensiyal na pagtaas ng interes. Bagaman, ang di-gumagalaw na reysyo ng utang ay tumaas sa mga nakalipas na taon, mayroong maliit na pangangailangan para sa pagbabantay ng patakarang pangsalapi (monetary policy), liban na lamang kung iba ang sinasabi ng ilang salik, gaya ng kalusugan, o paggasta sa reysyo ng GDP, paghihigpit sa mga lockdown, at reyt ng pagbabakuna.

Para sa muling pagbangon ng bansa sa ekonomiya nito at upang mabawi ang mga nawalang oportunidad sa ekonomiya, kailangang magkaroon ng (1) mga repormang institusyonal, (2) malakas na panlipunang proteksyon, at (3) mga estratehiya sa industriya ng pamumuhunan (investments). Ayon sa Gini Coefficient, isang sukatan ng di-pagkakapantay-pantay sa isang bansa, sa mga bansang kabilang sa ASEAN 5, ang Pilipinas ang may pinakamalalang naitala hinggil sa usapin ng di-pagkakapantay-pantay. Mula 2018, naitala ang pagtaas ng bilang ng mga Filipinong hindi kaya o walang-kakayahang bumili ng mga pangunahing pagkain.

Bagaman, mahalaga ang mamuhunan sa ekonomiya upang makaakit ng dayuhang pamumuhunan (foreign investments) at sa impraestruktura, mahalaga rin o kritikal ang pamumuhunan para sa mga tao. Ang mga programa para sa panlipunang proteksyon ay nararapat lamang na maging aksesibol, patas, komprehensibo, sapat, at hindi limitado sa mga pagkain at subsidyo. Ang mga programang panlipunan ay dapat na magpatuloy upang matugunan ang di-pagkakapantay-pantay ng kita at kahirapan, at upang mapabuti ang kalagayan ng kapital ng tao sa bansa, na sa kalaunan ay magpapabuti rin sa paglago o pag-unlad ng ekonomiya.

ANG PAGBANGON AT PAGBABAGO NG EKONOMIYA



Ang pamumuhunan sa mga partikular na industriya, na mayroong mga makabuluhang epekto sa ekonomiya at matatag mula sa pagbagsak nito, tulad ng nangyari sa pandemya; gayundin sa mga sektor, kung saan ang bansa ay mayroong mga natural na bentaha sa usapin ng kapital ng tao, impraestruktura, atbp., ay malaking ambag o kontribusyon sa ekonomiya ng Pilipinas. Kabilang dito ang Information Technology-Business Process Outsourcing (IT-BPO), maritime, at ang tinatawag na “blue economy industries.”

Sa huli, may pangangailangang ilagay ang kinakailangang pagpapalago ng ekonomiya sa padron ng pag-unlad ng bansa. Ang pagkawasak, na idinulot ng pandemya, ay dapat na magbigay sa atin ng pansamantalang paghinto upang suriin at pagnilayan ang iba’t ibang opsiyon kung paano natin magagamit ang paglago ng ekonomiya upang magkaroon ng pangmatagalang estruktural na pagbabago, at matiyak ang katatagan sa harap ng pagkasira mula sa mga panlabas na salik, gaya ng Industrial 4.0, mga kagipitan o sakunang pangkapaligiran at pangkalusugan, at mga pinansiyal na krisis. Halimbawa, ang liberalisasyon ng kalakalan at pamumuhunan ay nararapat lamang na tuklasin, maging ang pagpapalakas nito, sa halip na alisin o palitan ang domestic economic actors, lalo na ang micro, small, and medium enterprises (MSMEs) ng bansa.

Mga Rekomendasyon sa Blueprint: Upang mapabilis ang pagbangon ng ekonomiya at upang mapadali ang estruktural na pagbabago, kailangang magkaroon ng (1) mga repormang institusyonal upang mapabuti ang pamamahala, (2) mataas o malaking paggastos para sa mga serbisyong pang-ekonomiya at panlipunan, kasabay ng pagpapabuti sa piskal na kalagayan (ng bansa), at (3) pagtaas ng direktang dayuhang pamumuhunan (foreign direct investments), kasabay ng pagsuporta sa mga lokal na industriya upang iangat at paunlarin ang kanilang pagiging mapagkompetensiya (competitiveness).

- Pagtibayin ang pagganap at pagbabantay sa kalakalan ng micro, small, and medium enterprises (MSMEs) sa pamamagitan ng pagbibigay ng kinakailangang suporta para mabawasan ang gastos sa produksyon at pagkuha ng kapital, pananaliksik at pagpapaunlad para sa kaugnay na teknolohiya ng produksyon, at mabisang logistik ng impraestruktura para sa pag-export.

ANG PAGBANGON AT PAGBABAGO NG EKONOMIYA



- Palakihin ang kapasidad ng mga ganap na produktibo at matatag na lokal na mga industriya, gaya ng industriya ng IT-BPM, Blue Economy, at sektor ng pagmamanupaktura, lalo na sa mga makinarya at kagamitan sa electronics, mga kagamitan sa transportasyon, mga kagamitan sa precision (o industrial), at mga produktong metal.
- Gawing priyoridad ang mga repormang institusyonal, partikular ang mga naglalayong itaas ang kalidad ng pamamahala at alituntunin ng batas, natataguyod ng pananagutan at transparency ng pamahalaan, at nagpapabuti sa pamamahala ng mga mapagkukunan ng bansa.
- Ihinto ang programang Build, Build, Build (BBB) upang masuportahan ang COVID-climate-proofing ng mga lokal na industriya at matiyak na kasama sa Public-Private Partnerships (PPP) ang mas maraming sektor at stakeholder.
- Magbigay ng isang mekanismong muling magpapapasok sa mga industriyang naapektuhan ng liberalisasyon ng kalakalan at ng pagwawakas ng mga rehiyonal at internasyonal na kasunduang pangkalakalan.
- Pagtibayin ang panlipunang proteksyon ng mga bulnerable o mahihinang grupo at pagbutihin ang paghahatid o pagbibigay ng mga panlipunang serbisyo tungo sa pagbawas o paglutas sa kahirapan at di-pagkakapantay-pantay, at pagbutihin ang katatagan ng komunidad laban sa pandemya, mga sakuna, at pagbagsak ng ekonomiya.

ANG PAMBANSANG PANLIPUNANG PROTEKSYON



Ang Kalagayan: Walang sapat na saklaw ang panlipunang proteksyon upang ilayo o iligtas ang mga Filipino mula sa mga di-inaasahang kapahamakan.

Batay sa ulat ng Philippine Statistics Authority (PSA), tumaas ang kaso ng kahirapan mula 16% noong 2018 hanggang 18% noong 2021, kung saan ang bilang ng mahihirap na Filipino ay tumaas mula 22 milyon hanggang 26 milyon. Ang ilan sa pinakabulnerable o mahihinang grupo ay mga bata, mga wala o di-sapat ang kita, at mga matatanda, habang maraming Filipino ang walang sapat na akses sa pangangalagang pangkalusugan (health care).

Ang mga bata ay nangangailangan ng pangunahing seguridad sa kita (basic income security) upang makaligtas sa mga salik na nagbabanta sa kanilang kagalingan (o kalusugan), nutrisyon, at edukasyon. Ayon sa Department of Social Welfare and Development (DSWD), 9.3 milyong bata ang mahihirap at humigit-kumulang 6.95 milyon ang umaasa sa Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps). Ang matatanda ang pinakaapektado sa tumitinding mga kapahamakan, na siyang nagpapahirap sa kanila upang makapaghanapbuhay. Noong 2020, may humigit-kumulang apat na milyong senior citizen ang walang pensiyon, ayon sa National Economic and Development Authority (NEDA), habang dalawang milyon lang mula sa humigit-kumulang 9.5 milyong senior citizen ang nakatatanggap ng pensiyon, ayon sa Social Security System (SSS) at Government Service Insurance System (GSIS). Ang mga taong nasa aktibong edad ang madaling naapektuhan ng pagbawas at pagkawala ng kita dahil sa pagkakasakit, kapansanan, at siklo o paulit-ulit na kawalan-ng-trabaho, maging ng mga di-pang-ekonomiyang salik gaya ng pandemya.

Ayon sa PSA, noong Disyembre 2021, mayroong 3.2 milyong Filipino ang walang-trabaho at 6.8 milyon ang underemployed (mga trabahong part-time, seasonal, day o casual). Dagdag pa rito, ang kabuoan ng publiko ay vulnerable o mahina sa mga kapahamakang pangkalusugan dahil sa mga kalamidad, sakuna, at pandemya, at sa gayon, nagkaroon ng mataas at malaking (out-of-pocket) paggastos para sa kalusugan. Napag-alaman ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) na noong 2019 lamang, nasa 48% ang out-of-pocket na paggastos ng bansa para sa kalusugan, ang pangatlo sa pinakamataas sa rehiyon ng ASEAN, na pinangungunahan lamang ng Myanmar, na may 76% at Cambodia na may 64%.

Upang matugunan ang mga pangangailangang ito, ang kabuoang gastos ng pambansang pamahalaan para sa panlipunang proteksyon ay tumataas sa mga nakalipas na taon.

ANG PAMBANSANG PANLIPUNANG PROTEKSYON



Ang karamihan sa mga gastusin sa panlipunang proteksyon ay napupunta sa mga programa para sa kagalingan ng mga tao (social welfare), gaya ng 4Ps, Kapit-Bisig Laban sa Kahirapan-Comprehensive and Integrated Delivery of Social Services (KALAHI-CIDDS), at mga programang pangkabuhayan. Noong Disyembre 31, 2021, naglabas ang Department of Budget and Management (DBM) ng PhP 716.95 bilyon sa iba't ibang ahensiya upang suportahan ang mga hakbang sa pagbangon sa panahon ng pandemya. Humigit-kumulang PhP 246.78 bilyon o 34% ang napunta sa social amelioration (o ayuda) para magbigay ng mga subsidyo sa mahihirap na sambahayan at iba't ibang programa para sa panlipunang proteksyon ng DSWD. Noong 2022, naglaan ang DBM ng PhP 509.2 bilyon para sa panlipunang sektor (social sector), na tumalon mula PhP 401.7 bilyon noong 2017.

Ang ilan sa mga programa para sa panlipunang proteksyon ay ang 4Ps, na may PhP 89.8 bilyon noong 2019 at PhP 107.7 bilyon noong 2022, Unconditional Cash Transfer (UCT), na may PhP 36.5 bilyon noong 2019, Social Pension for Indigent Senior Citizens, na may PhP 23.2 bilyon noong 2019 at PhP 25 bilyon noong 2022, at Tulong Panghanapbuhay sa Disadvantaged or Displaced Workers (TUPAD), at Government Internship Program, na may PhP 6.6 bilyon noong 2019 at PhP 26.5 bilyon noong 2022.

Kaugnay nito, ang pagpapatupad ng mga kasalukuyang programa para sa panlipunang proteksyon ay binibigyang-bigat ng mga sumusunod: di-pantay na pag-akses sa mga programa at serbisyo, kawalan-ng-patakarang-pangkakaugnay-ugnay (coherence policy), mga tendensiya ng pangingiliyente o pamamadrino sa politika, na ginagamit ng mga lokal na politiko para sa kanilang mga pampolitikang interes, mahina o di-mabisang pagpapatupad ng mga programa para sa panlipunang seguridad dahil maraming kompanya ang hindi pa rin nagbibigay ng panlipunang proteksyon sa kanilang mga empleyado, at kawalan ng pagpapanatili sa mga programa para sa kagalingan at kaligtasan (welfare and safety net).

Upang matugunan ang mga problemang ito, ang NEDA Social Development Committee ay nagtayo ng isang Core Group on the Social Protection Floor. Ang Department of Labor and Employment (DOLE) ang nangungunang ahensiya sa inisyatibang ito upang isulong at gawing institusyonal ang Nationally-defined Social Protection Floor (NSPF). Ang iba pang miyembro ng Core Group ay ang NEDA, Employees Compensation Commission, at Institute of Labor Studies, habang ang mas pinalawak na mga miyembro (Expanded Members) ay kinabibilangan ng Department of Health (DOH), Department of Trade and Industry (DTI), Department of Education (DepEd), Department of the Interior and Local Government (DILG), DBM, SSS, GSIS, League of Municipalities in the Philippines, at Civil Society (Social Watch Philippines).

ANG PAMBANSANG PANLIPUNANG PROTEKSYON



Pagsusuri ng Blueprint: Ang pagpapatupad ng mga programa para sa panlipunang proteksyon sa bansa ay nailalarawan sa pamamagitan ng pagkakahati-hati o pagkakapira-piraso, kawalan-ng-pagkakaugnay-ugnay, duplikasyon, at pagkakaroon ng mga kulang o puwang. Ang pagpapatibay ng NSPF ay tutugon sa mga institusyonal na hamong ito.

Ang pagpapatupad ng mga programa para sa panlipunang proteksyon sa bansa ng iba't ibang ahensiya ay nagresulta ng patong-patong na mga programa at administratibong kahusayan. Ang pagkakaroon ng unibersal na panlipunang proteksyon ay makatutulong na matiyak ang mas malapit o mas mabilis na koordinasyon sa pagitan ng mga ahensiya ng pamahalaan at mabawasan ang kawalan-ng-kakayahan, palpak na pagpapalano, at impluwensiya ng politikang partisan.

Titiyakin ng NSPF na ang pinakamababang antas ng kita o pagkonsumo ay ibibigay ng estado sa lahat ng mamamayan. Walang anumang kondisyong kalakip upang makatanggap ng benepisyo dahil ang sakop nito ay ibinibigay sa iba't ibang income group (mga taong kumikita). Ang pagkakaroon ng pagbabagong panlipunang proteksyon ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng mga mekanismong panlipunan at pampolitika, na naglalayong bigyang-lakas ang mahihirap at harapin ang mga panlipunang estruktura o balangkas, na nagpapanatili ng kahirapan, panlipunang pagbubukod, at diskriminasyon.

Ang papel ng 2019 Philippine Operational Framework and Strategy ay higit na nagsulong ng wika ng unibersal at pagbabagong panlipunang proteksyon. Ang NSPF ay tutulong na matiyak, na sa pinakamababa, sa buhay ng isang tao, ang lahat ng nangangailangan ay magkakaroon ng akses sa pangangalagang pangkalusugan (health care) at pangunahing seguridad sa kita (basic income security), na magkasamang masisiguro ang epektibong pag-akses sa mga produkto at serbisyo, na tinukoy bilang kinakailangan sa pambansang antas o kalagayan. Ang pag-asa sa pag-unlad na ito ay maaaring magsimula sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mahahalagang serbisyong pangkalusugan ay naibibigay sa lahat ng Filipino at sa pagtutok sa ilang pinakabulnerable o mahihinang sektor, gaya ng mga bata, mga wala o di-sapat ang kita, at mga matatanda.

ANG PAMBANSANG PANLIPUNANG PROTEKSYON



Mga Rekomendasyon sa Blueprint: Ang NSPF, na unibersal at nakabatay-sa-mga-karapatan (rights-based), ay dapat na institusyonal para sa inklusibong pag-unlad, pagpuksa sa kahirapan, at pagtataguyod ng kalusugan at kagalingan.

- Para sa layuning ito, kailangang magkaroon ng tuon, layon, at sadyang aksyon upang makabuo ng kapasidad ng estado na maipatutupad ang NSPF sa paglipas ng panahon. Kaugnay nito, ipinoposisyon ng pamamaraang nakabatay-sa-mga-karapatan (rights-based) ang estado bilang tagapagdala o tagapaghatid ng tungkulin at ang mamamayan bilang mga tumatanggap ng panlipunang proteksyon. Ang iba pang mga panukala ay kinabibilangan ng:
- Kasama ang NSPF, suportahan ang Assessment-Based National Dialogue (ABND), na may rasyonal na layuning palawakin ang mga programa para sa panlipunang proteksyon sa loob ng isang nakabatay-sa-mga-karapatan (rights-based), unibersal, at estratehiya sa pagbabagong pag-unlad. Ang ABND ay isang pagsasanay, kung saan ang isang imbentaryo ng lahat ng programa para sa panlipunang proteksyon ng pamahalaan ay isinasagawa upang matukoy ang mga eyriya o sakop ng kawalan-ng-pagkakaugnay-ugnay, pagkakahati-hati o pagkakapira-piraso, duplikasyon, at pagkakaroon ng mga kulang o puwang.
- Itatag ang piskal at administratibong kapasidad ng estado, maging ang teknikal na kakayahan nito upang maipatutupad ang NSPF sa paglipas ng panahon.
- Makipagtulungan sa mga Civil Society Organization (CSO) at mga grupo ng kilusang panlipunan, gamit ang pamamaraang demokratikong pamamahala upang ipatupad ang NSPF at buksan ang kamalayan at pagkilos ng mga tao bilang pagbibigay-suporta sa inisyatibang ito.
- Panatilihin at palakasin ang mga gampanin, kasama ang inisyatiba ng Core Group and Expanded Members of the Social Protection Floor, upang mapadali ang pagpapatupad ng NSPF.

MATAAS NA ANTAS NG EDUKASYON



Ang Kalagayan: Nahaharap sa iba't ibang pagsubok ang mataas na antas ng edukasyon sa Pilipinas tulad ng walang karampatang akses at hindi pantay na kalidad ng edukasyon, kakulangan ng kapasidad na makapagpatuloy ng pag-aaral sa lahat ng antas (halimbawa: primarya hanggang sa mas mataas na edukasyon), at kakulangan ng maayos na ugnayan sa pagitan ng pampubliko at pribadong mga paaralan. Kinakitaan din ng malaking pagkukulang sa pagpapatupad ng programa.

Sa usapin ng reyt ng partisipasyon, 12% lamang ng mga nabibilang sa mga mahihirap na pamilya na may edad 17 hanggang 24 na taong gulang ang nakakatuntong sa mas mataas na edukasyon. Ang mga mag-aaral na may akses sa teknolohiya at mga kagamitan ang mas nakikinabang o mas may benepisyo sa pagpapatupad ng distance learning.

Sa usapin ng kakulangan ng maayos na ugnayan sa pagitan ng pampubliko at pribadong mga paaralan, bumaba ang partisipasyon ng mga pribadong institusyon dahil sa kanilang kahirapan sa pagbawi sa bilang mga mag-aaral na nakapagpatala mula noong maipatupad ang K to 12.

Ang mga pribadong institusyon na binubuo ng 72.2% ng higher education institutions (HEIs), ay mayroon lamang 46.2% ng pagpapatala, habang ang mga pampublikong insitusyon na bumubuo sa 27.8% ay may 52.8% ng pagpapatala.

Nagdulot din ang pandemya ng hindi magandang epekto sa sistema ng edukasyon sa bansa.

Dahil hindi na angkop ang nakasanayang pamamaraan ng pagtuturo, nangailangan ng mga pagbabago sa mga paraan ng pag-implemanta at pagtatasa at muling aralin kung papaano makakamit ang wastong pagtuturo at pagkatuto.

Ang pangangailangan sa agarang pag-angkop sa makabagong teknolohiyang digital ang nagpabilis ng paghahanda para sa Fourth Industrial Revolution.

Pagsusuri ng Blueprint: Ang pandemyang COVID-19 ay naging pangunahing dahilan ng pagbabago sa pamamaraan ng pagtuturo at nagpalala sa mga matagal ng suliranin tulad ng ng kahirapan, hindi pagkakapantay-pantay, mga kalamidad, at mga tunggalian. Dagdag pa rito, kinakailangan tugunan ng sektor ng edukasyon ang hindi pantay na pag-unlad sa bansa.

MATAAS NA ANTAS NG EDUKASYON



Isa sa pangunahing naging kakulangan sa pagpapatupad nito ay ang biglang pagbabago ng mga alternatibong pamamaraan ng pagkatuto (halimbawa: remote, blended, modular) bunsod ng pademya.

Ang mga paaralan at mga mag-aaral ay kinakitaan ng ng iba't ibang antas ng kahandaan para matugunan ang mga pagbabagong ito, kabilang dito ang mga may akses sa teknolohiya at mga kagamitan sa pagkatuto na mayroong tuwirang bentahe. Marami sa mga magulang at tagapag-alaga ay hindi rin handa para gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang pagkatuto. Kabilang pa rito ang pagkakaiba-iba sa mga materyales na magagamit, kalidad ng pagtuturo, at sa pagkamit sa layunin ng pag-aaral.

Mahalagang banggitin na habang tinitiyak ng teknolohiya na tuloy-tuloy ang pagbibigay ng edukasyon, makapagdudulot pa rin ang hindi pantay na akses rito sa lalong pagpapalawak ng agwat sa pagitan ng mahihirap at sa mga mas may kakayanan sa ganitong sitwasyon.

Sa usapin ng pagkakaroon ng akses sa mga programang pang-edukasyon, isang malaking pagsubok ang pagkakaroon ng limitadong bilang ng HEIs na para sa mga nagsipagtapos na ng senior high school (SHS)--mayroon lamang 2,396 HEIs kumpara sa 11,817 na senior high school sa bansa. Nariyan din ang iba pang mga pagsubok tulad ng hindi pagpapatuloy sa mga patakaran at hindi sapat na koordinasyon sa mga ahensya (kabilang ang, Commission on Higher Education, Department of Education, and Technical Education at Skills Development Authority).

Isa pang salik na dapat isaalang-alang ay ang hindi pantay na pag-unlad lalo na kaugnay ng urbanisasyon.

Habang nagiging urbanisado ang mga komunidad, kasabay rin na nagbabago ang mga kakayanan na kinakailangan sa mga lugar na ito. Kaya naman, marapat na mailapat at maibalanse ang mga edukasyon at pagsasanay na ibinibigay ng HEIs at ng mga technical-vocational centers sa pangangailangan ng mga rural at urban na komunidad. Nararapat na tumutugon ito sa katangian ng pag-unlad na nais makamit ng bansa.

Nagbibigay rin ito ng pangangailan sa pagtataguyod ng mga angkop na teknolohikal na imprastruktura at paglalaan ng iba pang anyo ng pangangailangan tulad ng pondo at pagsasanay.

MATAAS NA ANTAS NG EDUKASYON



Mga Rekomendasyon sa Blueprint: Dapat tiyakin ng gobyerno ang pagpapanatili ng kalidad at pantay-pantay na pagkakataon sa edukasyon. Kinakailangan din maitaguyod ang mga alternatibong pamamaraan ng pagtuturo at dapat may kakayanang umayon ang sistema sa akredistasyon at pagkilala.

- Upang matiyak ang pagpapanatili ng kalidad at pantay-pantay na pagkakataon sa edukasyon, kinakailangang maglaan ng pondo ang gobyerno sa teknolohiya at maayos na koneksiyon lalo na sa mga rural na komunidad. Kinakailangan ding mabigyan ang mga guro ng sapat na mga pagsasanay at maging handa sa anumang maiaatang na iba't ibang pamamaraan ng pagtuturo at mga inobasyon ng kurikulum.
- Ang alternatibong pamamaraan ng pagkatuto ay kinakailangang masuportahan at maitaguyod. Ito ay maaring nagtataglay ng pinagsamang synchronous classroom-based learning at technology-supported distance learning upang matiyak na may pagkakataong makalahok ang mga mag-aaral at tumutugon ito sa mga kamakailang mga pagbabago.
- Ang pamamaraan ng microlearning (halimabawa: mas maiksi, mas nakatuon na mga aralin sa mga natukoy na pinakamahahalagang elemento) ay maaaring gawing bahagi ng mga kursong pang-online.
- Upang matiyak ang pagpapatuloy at pagtugon sa pangangailangang paunlarin ang sektor ng mga manggagawa, kinakailangang magkaroon ng panghabambuhay na pagkakataon sa mataas na edukasyon.
- Kabilang dito ang pagbibigay ng mga programa sa pagkatuto at pag-aaral labas sa pormal na kurso (stackable development programs at micro-credentials), gayon din ang pagtataguyod ng pambansang sistema ng paglipat ng credit (credit transfer) na kinikilala ang pormal at impormal na pag-aaral.
- Dapat lubusin din ang mga opsyon sa iba pang pamamaraan ng pag-aaral katulad ng alternatibong sistema ng pagkatuto, expanded tertiary options, technical-vocational na edukasyon, at mga pagsasanay.
- Kinakailangang magkaroon ng matibay na ugnayan sa mga pribadong sektor, HEIs, ahensya ng gobyerno at non-government organizations (NGOs) at civil society organizations (CSOs). Mula rito, kinakailangang pangunahan ng gobyerno ang pagbuo ng mga mekanismo sa pakikipag-ugnayan.

PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL



Ang Kalagayan: Nakuha na ng pang-industriyal na pagpapaunlad ang mga unang hakbang nito sa estratehiya sa pagpapaunlad ng Pilipinas, kaya lamang nananatili pa rin itong mahina sa kasalukuyang sitwasyon.

Ang pang-industriyal na pagpapaunlad, partikular, ang pagpapatuloy ng paggawa (manufacturing) ay patuloy na nahihirapan dahil sa mababang produktibidad at maliit na puhunan, gayundin sa sa mahinang ugnayan nito sa (domestic economy) panloob na ekonomiya (partikular, sa sektor ng mga micro small and medium na mga negosyo sa bansa) at sa komunidad ng agham at teknolohiya.

Ang pang-industriyal na pagpapaunlad na matagal nang pababa ang estado mula pa noong 1985 ay nakaranas ng pag-angat sa nakaraang dekada. Ilan sa mga nakikitang salik sa pag-angat nito ay ang malakas na lokal na merkado sa mga produktong gawa sa Pilipinas at sa mga hakbang na ginawa ng mga ahensya ng gobyerno, partikular ang Department of Trade and Industry (DTI) at ang Department of Science and Technology (DOST), na nagtaguyod ng mga patakarang pang-industriyal na naglalayong bumuo ng mga kinakailangang industriya.

Gayumpaman, ang pang-industriyal na pagpapaunlad at pati na rin ang lokal na paggawa (domestic manufacturing) ay nananatiling mahina, na masasabing bunsod ng pagkakaroon ng matinding negatibong epekto rito ng mga panlabas na kaganapan: ang utang at krisis sa langis noong taong 1970s hanggang 1980s at ang ang krisis pinansyal noong 1998 at 2008.

Napatunayan lang ng pandemya kung gaano kahina ang sektor ng industriya ng pagmamanupaktura.

Samantalang ang krisis pangkalusugan ay nagdulot ng malalim na pagbagsak ng ekonomiya, tanging ang pagmamanupaktura ang pangunahing naapektuhan nito, lumiit ng 1.4% mula 2018 hanggang 2020. Mahalagang mabanggit na kasabay nito ay tumaas ng isang porsiyento ang pagmamanupaktura sa Malaysia, Vietnam, at Indonesia.

Dahil dito, maaaring masabi na ang pagmamanupaktura sa Pilipinas ay nakadepende sa mga pandayuhang ambag, yaman, at merkado. Sa ganitong kalagayan, ang mabilis na pagbagsak ng industriya ng tela at damit ng bansa, na dating ikaanim sa pinakaproduktibong bansa sa buong mundo, bunsod ng pagsasawalang bisa ng Multi-Fibre Arrangement (MFA) sa US noong 2005, ay nagsisilbing isang babala.

PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL



Sa katunayan, ang industriyal na estruktura ng bansa ay nagkaroon ng “missing middle”: mayroon lamang itong kakaunting ugnayan sa pagitan ng micro at small enterprises ng bansa na bumubuo ng higit sa 90% ng mga negosyo sa pormal na ekonomiya at mga pinakamatataas na kalipunan ng mga negosyo (business conglomerates).

Ang sektor ng micro, small, at medium enterprises (MSME) ay pinangungunahan ng sektor ng pagbibigay serbisyo, katulad ng wholesale at retail trade, at pagkukumpuni ng motorsiklo at de motor na sasakyan, na bumubuo sa 87.49%, samantalang ang pagmamanupaktura agrikultura bumubuo sa 11.64% at 0.87%.

Pangunahing kabahagi sa retail trade at personal na mga serbisyo, ang karamihan ng MSMEs at maraming conglomerates ang nag-aambag ng pinakamalaki sa kabuuang output ng ekonomiya ng bansa. Gayumpaman, ang sektor na ito ay puno rin mga mababang halaga gawaing pang-ekonomiya.

Lumilitaw na mayroong paghihiwalay sa pagitan ng edukasyon at mga kinakailangang human resource para sa pambansang pang-industriyal na pagpapaunlad.

Kakikitaan ng agwat sa pagitan ng pangangailangan ng akademya at industriya sa usapin ng pagpapaunlad ng kurikulum, pagsasanay, at pananaliksik.

Dagdag pa rito, may mababang prioridad na ibinibigay sa agham at matematika: pinakamababa ang Pilipnas sa lahat ng bansa na lumahok sa Organization for Economic Co-Operation and Development (OECD)’s Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2018 batay sa kapasidad ng paggastos ng bansa kada mag-aaral at sa marka sa kursong matematika at agham ng mga mag-aaral na nasa 15 taong gulang.

Mayroon ding suliranin pagdating sa mga uri at kalidad ng pagsasanay na ibinibigay sa mga nagnanais maging at kasalukuyang mga mananaliksik, siyentista, at inheniyero (RSEs).

Kung ikukumpara sa benchmark ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO) na 380 RSEs kada milyon para sa papaunlad na bansa, ang Pilipinas noong 2006 ay nakalikha lamang ng 130 RSEs kada milyon, bahagyang dahil sa kakulangan ng mga sekundaryang paaralan na sinanay para ihanada ang mga mag-aaral sa mas mataas na edukasyon sa larangan ng agham.

PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL



Kasing halaga sa relatibong maliit na populasyon ng RSE ang kakulangan ng mga lokal na trabaho para sa mga propesyonal sa agham ng bansa.

Gayumpaman, ang mga institusyon sa mataas na edukasyon ang nagsilbing tagapaglikha at tagapagpasibol ng teknolohiya.

Ang Unibersidad ng Pilipinas, bilang halimbawa, ay nagsagawa ng mga programa, proyekto, at aktibidad na nakatutulong na mapabilis ang pagsulong ng agham at teknolohiya sa porma ng serbisyong teknikal, tulong sa industriya, kolaratibong pananaliksik, at pagdisenyo at pagpapaunlad ng produkto.

Naging posible ang mga ito sa pamamagitan ng tulong nga mga katuwang na industriya, ng gobyerno lalo na ng DOST, at iba pang mga ahensiyang nagpopondo.

Ang mga programa tulad ng UP Surgical Innovation and Biotechnology (UP SIBOL), na naging reponsable sa pagbuo ng mga kagamitang pangkalusugan at iba pang inobasyon na ginamit ng UP Manila-Philippine General Hospital, lalo na noong kasagsagan ng pandemyang COVID-19, ay isa sa maraming halimbawa na may kapasidad ang ating bansa na tumugon sa mga lokal na pangangailangan nang hindi umaasa sa mga import.

Pagsusuri ng Blueprint: Ang pang-industriyal na pagpapaunlad sa bansa ay nahahadlangan ng iba't ibang salik, kabilang na ang kakulangan sa paglalaan ng pampublikong pondo para sa edukasyon ng agham at matematika, kakulangan ng pagtutulungan sa pagitan ng mga institusyon ng akademya at industriya usapin ng pananaliksik at pagpapaunlad, at paglago na kalakhang batay sa kalakakalan ng serbisyo (trade in services) na napatunayan nang nakakapagdulot ng hindi napapanahong deindustriyalisasyon.

Ang mataas na antas ng edukasyon ay may kritikal na tungkulin sa pambansang pag-unlad. Sa ganitong konteksto, sinabi ng Academy of Science and Technology (NAST) na nangangailangan ang bansa ng hindi bababa sa 3,000 na mga bagong PhDs kada taon sa loob ng 10 taon upang maabot ang kahingian ng critical threshold ng UNESCO para sa bilang ng mga siyentista at inhinyero.

Sa kasamaang palad, malayo pa bago maabot ng Pilipinas ang ganitong bilang.

PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL



Una, relatibong kaunti ang naghahangad ng mas mataas na edukasyon at trabaho sa agham at matematika bahagyang dahil sa mahinang pagsasanay sa mga larangang ito sa basic at sekundaryang edukasyon.

Pangalawa, dahil nakadepende ang ating mga industriya sa pandayuhang teknolohiya, nahahadlanangan ang pag-unlad ng isang matatag na komunidad ng agham at teknolohiya sa Pilipinas.

Nagiging underemployed ang marami sa mga propesyonal na nagtatapos sa kurso ng agham at pang-inhinyero bahagyang dahil sa hindi nagtutugma ang kanilang pagsasanay sa pangangailangan ng labor market na nakakiling sa serbisyo.

Upang mapaunlad ang lokal na paggawa, kinakailangang kilalanin ng gobyerno ang istraktura ng industriya sa bansa.

Kung hindi susuportahan, walang kapasidad ang mga MSMEs ng bansa na mapaunlad ang kanilang mga proseso sa teknolohiya ng produksiyon at agarang makasabay sa internasyonal na pamantayan.

Kinakailangan ng gobyernong lumikha ng regular na mekanismo para magtugma at mag-ugnay ang mga industriya at pamantasan na tutulong sa teknolohikal na inobasyon, at magpopondo sa magkasanib na pananaliksik sa paglutas ng problema at pagbahagi ng teknolohikal na inobasyon.

Ang pangangailangang muling makabuo ng pundasyong pang-ekonomiya na huminto bunsod ng pandemya ay nagbubukas ng pagkakataon na mabigyang pansin ng bansa sa isang mas malawakang pag-unlad mula sa pakikipagpalitan.

Ang malawakang daloy ng palitan (remittance) ay may malaking impluwensyan sa namumuhunan sa bansa na nakatuon sa panghanapbuhay at pagpapalitan patungo sa bawat tahanan at iisang porma ng paggastos., subalit bilang kontribusyon sa deindustrialisasyon.

Alinsunod sa argumento ng resource curse (ang tendensiya ng mga bansang sagana sa likas-yaman na hindi ito mapakinabangan), nagiging mas mahal at hindi kaaya-aya ang paggawa ng mga produkto sa merkado dahil napapataas ng daloy ng bilyong bilyong dolyar mula sa remittances ang halaga ng palitan ng dolyar.

Ang ganitong paraan ng pag-unlad ay nakatutulong maipaliwanag ang matumal na paglago ng lokal na ekonomiya.

PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL



Ang anumang pagtatangkang palaguin ang industriya ay kinakailangang humarap sa mga panganib na dala ng pagbubukas ng ekonomiya sa pandayuhang kalakal at puhunan habang hindi pa napapatatag ang kakayahang makipagkumpitensiya ng mga lokal na industriya.

May halos tatlong dekada na ng liberalisasyon ng progresibong kalakan at pamumuhunan ang bansa; noong 1995, isa ang Pilipinas sa mga unang bansa sa ASEAN na nagbaba ng taripa. Pero halos walang pag-unlad ang ekonomiya tungo sa mga produkto at serbisyo na mataas ang halaga.

Pangunahing nakatuon ang sektor ng industriya sa pagkumpuni at pagtesting, gamit ang intermediate goods (mga produktong ginagamit sa pagbuo ng iba pang produkto) ng ibang mga bansa.

Kakaunti ang mga programa para sa muling pagsasaayos ng negosyo, soft loans o pautang na mababa o walang interes, pananaliksik at programa ng pagpapaunlad, o mga insentibo para matulungang mapalakas ang kakayahang makipagkompetensya ng mga kumpanya.

Maaaring masama rin sa mga programang ito ang suporta sa marketing para maisulong ang pagpapakilala sa rehiyon at sa labas ang nagpapabukod-tangi sa mga produkto at serbisyong galing sa Pilipinas.

Mga Rekomendasyon sa Blueprint: May pangangailangang nagsusulong ng patakarang pang-industriyal na inuuna ang pagpapaunlad ng micro, small, at medium enterprise sector bilang tagapagbuo ng pang-industriyang pagpapaunlad; isusulong ang ugnayan at pagtutulungan sa pagitan ng pagmamanupaktura, agrikultura, at mga serbisyo; tinataguyod ang angking dunong at galing ng mga Filipino tungo sa pag-unlad ng mga industriya na tumutugon sa mga partikular na pangangailangan (niche industries); at muling simulan ang pagbabagong struktural.

Para tumatag at lumago ang pagmamanupaktura, kailangan ng Pilipinas ng isang estadong mataas ang kakayahan at nakatuon sa pagpapaunlad habang nananatiling pragmatiko na magsusulong ng pang-industriyal na pag-unlad sa pamamagitan ng:

PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL



- Pagtulong sa pagpasok ng MSMEs sa GVC sa pamamagitan ng pagbibigay ng insentibo sa paglikha ng intermediate goods, pagtitiyak na may mga pagkakataong makautang at makakuha ng kapital, at pagtataguyod ng pangkalahatang paglahok (ng mga industriyang tumutugon sa mga partikular na pangangailangan) sa lahat ng proseso ng value chain ecosystem.
- Pagpapalakas ng tungkulin ng mga asosasyon ng industriya ng pagmamanupaktura at ugnayan sa pagitan ng magkakaibang industriya (cross-industry linkages) sa paglutas ng mga problema sa koordinasyon para mataguyod ang mga backward linkages (mga produktong kailangan para mabuo ang isang produkto) at forward linkages (mga produktong maaaring mabuo gamit ang unang nagawang produkto) at economies of scale (pagbaba ng presyo ng paglikha ng produkto habang lumalaki ang produksyon nito) pati na rin ang pagpapadaloy ng pagbabahagi ng impormasyon at rekurso.
- Pagpapalakas ng tungkulin ng akademya bilang tagapaglikha at tagapagpasibol ng mga nagsisimulang mga industriya at teknolohiya, sa pamamagitan ng pagpapaigting ng suporta para sa pagpapaunlad at pagbabahagi ng teknolohiya at mga opisina ng pagpapaunlad ng negosyo.
- Nariyan din ang matinding pangangailangan para makalikha ng mga institusyunal na mekanismo para sa ugnayan ng gobyerno, pamantasan, at industriya tungo sa paglikha ng mga nakapagtapos ng kursong may kinalaman sa agham at teknolohiya at mga inobasyon batay sa pambansang potensyal at pangangailangan.
- Pagrepaso sa Retail Trade Bill (Senate Bill No. 1840) at iba pang batas na nagbubukas sa sektor ng MSME sa dayuhang kompetisyon, na nagbabantang maging dahilan ng pagkalugi ng mga maliliit na producer, mga negosyo sa bahay (household enterprises), at mga manggagawa, at
- Makapagbigay ng oportunidad sa pamumuhunan sa lokal na pagmamanupaktura at industriyal na isyu na nakatuon sa mga Pilipinong nasa ibang bansa at remittance-receiving households.

PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON



Ang Kalagayan: Ang pagsisikip ng trapiko at ang kawalan ng kahusayan sa pamamahala ng sistema ng pampublikong transportasyon ng bansa ay humantong sa pagkalugi sa ekonomiya na kasintaas ng PhP 3.5 bilyon na halaga ng maaaring kita kada araw sa Metro Manila lamang.

Mahalaga ang pagkakaroon ng pampublikong transportasyon dahil mababawasan nito ang pagsisikip ng trapiko, polusyon, at para sa mga taong iba ang katayuan sa buhay na ito ang kanilang paraan para makarating sa kanilang patutunguhan. Ang pampublikong transportasyon na may mahusay na sistema ay hahantong sa mas mahusay na paggamit ng espasyo. Ito rin ang susi sa pagsusulong ng ating ekonomiya dahil mas pinadali nito ang paggalaw ng mga kalakal at mga bansang nakapaligid sa atin, pag-uugnay sa mga tagagawa at mga mamimili, nag-uugnay sa mga komunidad, at nagpapadali sa pakikipag-usap sa mga indibidwal. Ang hindi maayos na implementasyon ay maaaring magresulta sa pagkalugi sa ekonomiya. Halimbawa, noong 2017 ay tinatayang nasa PhP 3.5 bilyon ang potensyal na kita kada araw ang nawala dahil sa pagsisikip ng trapiko sa Metro Manila. Ang nasayang na oras dahil sa matinding trapiko ay nag-aambag sa pagkalugi sa ekonomiya (hal., ang pagkawala ng mga pamumuhunan), habang ang polusyon naman ay magdudulot ng mataas na gastos sa kalusugan. Maaaring tumaas ng hanggang PhP 5.4 bilyon kada araw sa 2035 ang pagkalugi kapag pinabayaan ang problemang ito.

Ang mga pangunahing hamon na kinakaharap ng lecto ng pampublikong sasakyan ay maaaring ibuod sa sumusunod: (1) ang mahinang pagpapatupad ng mga patakaran ng Pambansang Patakaran sa Transportasyon na siyang dapat nagpapatupad na unahin ang ang pampublikong transportasyon kaysa pribadong transportasyon; (2) ang pagtuon sa mga bagay na “nakikita” ng pampublikong transportasyon tulad ng imprastruktura sa halip na tumuon sa mga “invisible” na bagay tulad ng mga mekanismong institusyonal at kapasidad nito; (3) napakaraming ahensya na humahawak sa mga suliranin o alalahanin ng pampublikong transportasyon at sa gayon ay kinakailangan nilang magtulungan; at, (4) ang mahirap na pagbuo ng isang maayos na relasyon sa pagitan ng mga pangunahing I tulad ng lecto ng gobyerno, mga operator, financier, pribadong gumagamit, at mga komyuter.

Para mareporma at gawing lecto ang sistema ng pampublikong transportasyon, ipinatupad ng Departamento ng Transportasyon (DOTr) ang Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP), na noong Setyembre 2021, pinagsama-sama ang humigit-kumulang 54.39% ng lahat ng Public Utility Vehicles (PUV).

PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON



Nilikha ang Philippine National Standard para sa mga klase 1 – 4 ng PUV para gawing pamantayan ang pag-uuri ng iba't ibang sasakyan. Para matugunan ang tumataas na presyo sa merkado ng mga modernong PUV at upang mabawasan ang out-of-pocket na gastusin ng mga operator, ang subsidy ng gobyerno ay itinaas mula PhP 80,000.00 hanggang PhP 160,000.00 bawat yunit. Bagaman kapani-paniwala, may kakulangan ng batas na sumusuporta sa institusyonalisasyon ng programa. Kasama rin sa mga alalahanin ang pagpapatupad ng PUVMP ang kawalan ng pag-unawa sa mga layunin, at mga patakaran ng programa; ang kakayahang umangkop sa pananalapi dahil sa mga protocol na may kaugnayan sa COVID-19, at mga problema sa pagsunod sa pinagsama-samang kautusan ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB).

Isang partikular na hamon ng paggawa ng makabagong estratehiya sa modernisasyon ay ang pagtiyak na ang teknolohiya ay lumilikha ng pagtanggap sa mga maliliit na direktang stakeholder. Halimbawa, ang pagsulong ng makabagong teknolohiya, tulad ng paggamit ng mga de-kuryenteng sasakyan, nang walang malinaw na plano kung paano susuportahan ang pagsasama ng mga kalahok ng MSME ng malayang lecto ay nagresulta sa paglilipat hindi lamang ng mga micro at mga namamasadang tsuper at mga negosyong pamilya ang nagpapatakbo gayundin ng mga pasahero.

Pagsusuri ng Blueprint: Mayroon pang mas higit na mahalaga sa modernisasyon ng sistema ng pampublikong transportasyon kaysa sa pagkakaroon ng bagong teknolohiya, upang gumana ito. Ang pagpapabuti ng pampublikong transportasyon ay nangangailangan ng isang multi-level, multi-stakeholder, at multi-perspective na pamamaraan na maaaring makamit sa pamamagitan ng collaborative na pamamahala, crowdsourcing, at co-production.

Ang sektor ng pampublikong transportasyon ay kailangang magkaroon ng maayos na pamamaraan o lapit sa multi-stakeholder, multi-perspective para matugunan ang mga alalahanin sa iba't ibang yunit ng gobyerno at lipunan. Nabubuo ang maliliit na sistema ng implementasyon kapag kasama ang ilang ahensiya sa pagpapalano, pangangasiwa, at pagsubaybay sa sistema ng pampublikong transportasyon. Para matugunan ito, kailangan ang collaborative governance para tuloy-tuloy na ipatupad ang mga patakaran, mula sa national government hanggang sa local government units, at mula sa mga operator ng PUV at drayber hanggang sa mga sumasakay sa pampublikong transportasyon. Ang Local Government Unit (LGU) ng General Santos City, halimbawa, ay nagtutulungan sa pagpapatupad ng PUVMP.

PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON



Nakikipagtulungan ang LGU sa mga sektor na stakeholder nito sa transportasyon sa pamamagitan ng pagtatatag ng isang lectoralng opisina para sa Transportation and Traffic Planning, Engineering, Management and Enforcement at ang pagkakaloob ng mga pondo at suporta upang tulungan ang roll-out at pagpapatupad ng kanilang Local Public Transport Route Plan (LPTRP).

Kailangang baguhin ang prayoridad mula sa mga mga tangible na bahagi ng transportasyon tulad ng capacity building at mga mekanismong institusyonal para mapabuti ang sistema ng transportasyon sa isang holistic na paraan. Sa pamamagitan ng crowdsourcing, posibleng matugunan ang kakulangan ng mga datos sa pampublikong transportasyon at magabayan ang mga bumubuo ng polisiya sa pagtugon ditto kung saan kasama ang mga drayber, operator, komyuter, at iba pang stakeholder. Sa pamamagitan ng crowdsourcing, maaaring ma-tap ang mga stakeholder para mag-ayos ng datos para ang desisyong mabuo ay nakabatay sa. Ang pagbibigay prayoridad sa institusyong may kakayahan ay dapat na sumailalim sa masusing ebalwasyon ng mga ahensiyang kasama para sa pagsasaayos at pagtukoy sa mga lugar na nangangailangan ng mga reporma, pagbuo ng kapasidad, at dagdag-kaalaman. Kailangan ding bigyan ng kapangyarihan ang mga LGU na magplano at mamahala ng pampublikong transportasyon dahil sila ang nasa ibaba na humaharap sa pampublikong transportasyon.

Ang kahalagahan ng konsultasyon sa mga stakeholder ay ipinakita ng General Santos City sa pamamagitan ng kada ikaapat na buwang pagtatasa nito sa mga serbisyo ng pampublikong sasakyan. Nakita lect ang mga hamon ng pagkabigo ng impormasyon, mga limitadong insentibo, mahinang imprastraktura ng pampublikong sasakyan, mababang kita, mga return on investment, at iba pa.

Maaaring gamitin ang co-production para maunawaan ang mga pangangailangan ng mga user at isama sila sa disenyo at paghahatid ng mga nilalayong serbisyo. Ang mga teknolohikal na pagsulong na ginagamit sa Programa ng Data Analytics for Research and Education (DARE), halimbawa, gumagamit ng nakuha at nasuring datos sa pamamagitan ng pakikipagtulungan gamit ang iba't ibang pamamaraan sa paggabay at pagbuo ng patakaran. Sa kabilang banda, ang pagtugon sa mga problemang may kinalaman sa pagsunod sa mga ipinag-uutos ng LTFRB sa lecto ng Public Utility Jeepney (PUJ), tulad ng mga di-pinagkakasunduang sa mga apektadong grupo ng transportasyon at operator, at ang mga prayoridad ng mga lect na tagapamahala.

PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON



Dapat ding isaalang-alang ang naging epekto ng pandemyang COVID-19 sa lecto ng pampublikong transportasyon. Dahil sa mga kasunod lecto-lockdown at iba pang mga protocol sa kalusugan ay humantong sa kakulangan ng mga pasahero na humahantong naman sa mababang kita ng mga driver, at dagdag pang gastusin sa pagsunod sa usapin ng kalusugan. Ang mga gawaing pang-ekonomiya at pagsasara ng mga paaralan ay nakaapekto sa kanilang mga gawain, at maaaring magpatuloy ito sa kanilang kasalukuyang pagtatrabaho at pagtuturo kahit na matapos ang pandemya.

Mga Rekomendasyon sa Blueprint: Dapat na maitatag ang isang pinagsamang ahensya lect mayroong kapasidad na pangasiwaan at tugunan ang mga alalahanin sa pampublikong transportasyon para sa isang mas mahusay, epektibo, at inklusibong pagpapatupad ng mga programa sa pampublikong transportasyon.

- Dapat tukuyin ng gobyerno at ng iba pang mga stakeholder ang mga mamamagitan na ang uunahin ay ang pambublikong transportasyon para sa malawakang pampublikong transportasyon sa halip na mga pribadong sasakyan at mapabubuti ang mga serbisyo ng pampublikong sasakyan. Tungo sa layuning ito, dapat isaalang-alang ang paglikha ng iisang ahensya na maaaring pagsama-samahin at tugunan ang mga alalahanin ng mga stakeholder ng pampublikong transportasyon. Mas matutugunan ng pinag-isang ahensya ang iba't ibang alalahanin na may kaugnayan sa pagpapalano, pagpapatakbo, at pagsubaybay sa pampublikong transportasyon. Sa pakikipagtulungan ng ahensyang ito sa iba't ibang stakeholder ay matutukoy din ang mga puwang sa implementasyon ng PUVMP, partikular, ang mga alalahanin sa estruktura na pumipigil sa kasalukuyang pagpapatupad nito.
- Magsagawa ng Worksyap/Palihan sa Design Thinking at Collaborative Governance, isang proseso ng pinamunuang disenyo na nagbibigay-diin sa karanasan ng user, pakikipagtulungan, at integratibong pag-iisip. Kailangang isama sa workshop ang lahat ng stakeholder sa pagbuo ng isang komprehensibo at estratehikong balangkas para sa implementasyon ng pampublikong transportasyon, reporma, at magsasaalang-alang sa mga karapatan at kapakanan ng mga manggagawa sa industriya ng transportasyon at tulad ng mga komyuter.

PAMPUBLIKONG TRANSPORTASYON



- Ang pagsasama-sama ng industriya, fleet modernization, at ang transisyon na sumusuporta sa kapakanan ng industriya ng mga manggagawa at mga operator ay kinakailangan para sa pagpapabuti ng pampublikong transportasyon. Sa layuning ito, dapat magkaroon ng maayos na pagkakasunud-sunod ng mga hakbangin: Ang mga hakbanging ito ay dapat na umusad mula sa pagsasagawa ng mga reporma sa regulasyon tungo sa pormulasyon at pagsasapinal ng LPTRP at rasyonalisasyon ng ruta bago magsimula sa yugto ng fleet modernization.
- Dapat unahin ang pagpasa ng mga inihain na panukala sa Kongreso na nag-institutionalize sa PUVMP. Ang lehislasyon na nag-iinstitutionalize sa PUVMP ay kinakailangan para matiyak ang pagpapanatili ng programa gayundin ang pareparehong implementasyon nito sa iba't ibang antas ng pamahalaan. Sa kasalukuyan, nakabatay ang implementasyon ng pagpapatupad sa iba't ibang kautusan ng departamento, mga joint memorandum circular, at LTFRB memorandum circulars. Sa pagpasok ng bagong administrasyon, malalagay na sa pagiging permanente ang programa sa pagpasa ng Republic Act.
- Dapat ding isaalang-alang ang pagkakaloob ng plataporma kung saan magagamit ng mga stakeholder ang Information and Communications Technology (ICT) sa pagdidisenyo ng isang app, website, o tool sa pangongolekta ng datos na magpapahusay sa crowdsourcing at paghahatid ng pamahalaan ng mga serbisyong nauugnay sa pampublikong transportasyon.

MGA REPORMANG ELEKTORAL AT POLITIKAL



Ang Kalagayan: Ang politika sa Pilipinas ay personalistic/pansarili. Umiiral ang mga halalan batay sa personal na kasikatan, takot, at pagtangkilik. Bilang karagdagan, ang mga partidong pampulitika, na siyang dapat magbigay ng line-up ng mga kandidato at solidong programmatic na mga reporma, ay hindi nagbigay ng totoo at natatanging mga patakarang pagpipilian sa kanilang mga nasasakupan. Maging ang pagpasok ng mas maraming kababaihan sa proseso ng elektoral, institusyon ng isang party-list system, at paggamit ng social media ay umiiral lamang para palakasin ang personalistic at pagtangkilik sa politika.

Ang mga hindi malinaw sa Konstitusyon ng Pilipinas at ang Omnibus Election Code ay humantong sa isang partikular na sistemang elektoral na nagpapatuloy ng mga pansariling pulitika. Dahil sa maliit na proporsyon ng mga boto na dapat makuha ng isang kandidato para maideklarang panalo, halimbawa, naging pagkabigo ang maramihan o sistemang winner-takes-all. Humantong din sa hindi malinaw na mga interpretasyon na nag-institutionalize ng magkahiwalay na pagboto para sa pangulo at pangalawang-pangulo, magkakasabay na sa iba't ibang antas ng gobyerno, at ang representasyon ng three-seat cap sa party-list, at bukod sa iba pa.

Pundasyon man ng malayang pagpili ang anumang kapani-paniwalang proseso ng elektoral, maaari pa rin itong masira ng karahasan, pagtangkilik, at pera sa pulitika. Pinalalakas ng sistemang winner-takes-all ang pagtangkilik at personalistic na pulitika sa halip na mga partidong pampulitika bilang indikasyon ng tagumpay nito. Kung kaya't sa halip na maging mga tagapamagitan para sa mga kahilingan at interes ng publiko, mga partidong pampulitika na mahina ang samahan, hinubog, at binago ayon sa personal na agenda ng indibidwal na kandidato sa panahon ng mga halalan.

Ang pangingibabaw ng pagtangkilik sa pulitika, karahasan, at sexist na wika sa mga kampanyang pampulitika ay gumagana din laban sa kababaihan. Nananatiling kulang sa kinatawan ang mga kababaihang Pilipino sa pormal na proseso sa pulitika sa kabila ng makabuluhang pag-unlad ng bansa sa pagsasabatas ng mga karapatan at papel ng kababaihan sa pagbuo ng bansa. Hindi pa rin naabot ng Pilipinas ang 30% internasyonal na benchmark para sa kababaihan para makabuo ng isang kritikal na masa sa pulitika. Ayon sa Philippine Statistics Authority (PSA), ang mga kababaihan ay bumubuo lamang ng 23 porsiyento ng kabuuang mga nailuklok sa posisyon kung saan nalaman ng Commission on Elections (COMELEC) na noong 2019, 20 porsiyento lamang ng mga kandidato para sa lahat ng posisyong elektoral ay kababaihan.

Sinikap ng Kongreso na repormahin ang mga sistemang elektoral at partido.

MGA REPORMANG ELEKTORAL AT POLITIKAL



Kasama sa mga panukalang batas ang: paglalagay ng mga parusa laban sa turncoatism, pagkakaloob ng pondo sa mga lector, at pagpapakilala ng ilang mga pagbabago sa Omnibus Election Code, bukod sa iba pa. Nagsagawa rin ng mga pagdinig ang parehong kamara ng Kongreso na nilahukan ng iba't ibang grupo ng reporma sa lectoral. Gayumpaman, hindi nagpatuloy ang gayong mga gawain.

Isang makikitang pag-unlad sa halalan sa Pilipinas ay ang markadong pagtaas sa paggamit ng social media. Malaki ang kahalagahan ng social media lecto-impluwensya sa mga resulta ng halalan partikular sa halalan sa pagkapangulo noong 2016. Gayumpaman, sa halip na isulong ang transparency at pananagutan, ang pangangampanya sa social media ay nagbabanta sa integridad ng halalan sa apat na paraan: 1) micro-targeting kung saan tinatarget ng maling impormasyon/disinformation ang mga partikular na grupo, 2) paggamit ng mga maling video ng mga pulitiko, at 3) pagkalat ng maling impormasyon na hindi na-check at hindi na-detect sa loob ng messenger app. Panghuli, ang hindi pagkontrol at pagtaas na paggamit ng social media sa mga halalan ay nagpapataas din ng posibilidad ng panghihimasok at impluwensya ng dayuhan.

Pagsusuri ng Blueprint: Ang mga pangunahing aspekto o katangian ng lector at mga sistema ng lectoral ng bansa ay batay sa kawalan ng pag-unawa sa Konstitusyon ng Pilipinas at Kodigo sa Halalan. Kailangang sundin ang mga panukalang batas sa reporma sa batas.

Kinakailangan ang paglikha ng isang malakas at matatag na consensus-based at reform-oriented na pamumuno sa kongreso, bagama't hindi sapat para ituloy ang mga repormang pambatas. Sa kabila ng paghahain ng ilang panukalang batas sa lectoral at pampulitikang mga reporma sa Kapulungan ng mga Kinatawan, ang pagsasabatas nito ay isang mahaba at mabagal na paglalakbay. Halimbawa, ang mga nanalong pulitiko dahil sa impluwensiyang mayroon sila sa kasalukuyang sistema ng lectoral, ay hindi sasang-ayon sa mga panukala para sa pagbabago ng mga patakaran. Ang mababang prayoridad na ibinigay sa agenda ng reporma ay maaaring dahil din sa kakulangan ng kredibilidad at prediktabilidad ng mga kinalabasan ng naturang mga hakbangin sa lehislatibo.

MGA REPORMANG ELEKTORAL AT POLITIKAL



Nariyan ang mahigpit na pangangailangan na i-disincentivize o hadlangan ang pagtangkilik para hindi nito bawasan ang paggamit ng malayang pagpili ng mga botante. Sa usapin ng paggasta sa kampanya, walang mga nakahandang parusang para sa mga kandidatong labis na gumastos at mayroong mga mahihinang regulasyon para masubaybayan ang mga ginastos sa kampanya. Halimbawa, ang pag-uulat ng mga kandidato sa kanilang mga nagastos ay iniuulat lamang pagkatapos ng halalan.

Ang bahagyang dahilan ng limitadong representasyon ng kababaihan ay dahil sa mga tradisyonal na kaugaliang mas tinitingnan ang mga lalaki bilang mas mahusay na mga pinuno kaysa sa mga kababaihan, kung saan tinitingnan ang kababaihan bilang “masyadong emosyonal” para mangasiwa sa pulitika. Bagaman mas maraming kababaihan ang nahalal sa lahat ng antas ng pamahalaan, marami ang nagmula sa pamilya ng mga pulitiko.

Kailangang ayusin ang social media. Sa kasalukuyan, ang COMELEC ay walang sapat na kagamitan o regulasyon para makontrol at mabantayan ang social media. Maaaring subaybayan ng COMELEC ang paggasta sa social media, ngunit walang batas na nagpapahintulot na maglabas ng mga regulasyon para sa paggamit ng social media na may kaugnayan sa halalan. Maging ang Omnibus Election Code at Elections Act ay hindi sumasaklaw sa mga kampanya sa social media.

Mga Rekomendasyon sa Blueprint: Baguhin ang Omnibus Election Code upang masusing maisaayos ang sistema ng elektoral at bumuo ng isang malakas na sistema ng partidong pampulitika.

- Para makalayo sa pamumuno ng minorya tungo sa pamumuno ng nakararami, ipakilala ang isang sistemang mas mayorya o nakararami tulad ng run-off o pangalawang sistema ng balota sa halalan para sa pagkapangulo.
- Representasyon para sa Maayos na Reporma. Alisin ang three-seat cap sa party-list. Sa halip, pag-aralan at ituloy ang iba’t ibang uri nito: halimbawa, maaaring sakupin ng isang elektoral ang maximum na 30% ng mga puwesto o posisyon, o maaaring sakupin ng mga kinatawan ng party-list ang hanggang 50% ng mga puwesto sa Kamara.

MGA REPORMANG ELEKTORAL AT POLITIKAL



- Pagdating sa mga party-list, maaaring kabilang sa mga pagbabago ang pagtaas ng mga proporsyonal na representasyon sa 30% o 20 hanggang 40%. Maaari ding hilingin sa mga partidong pampolitika na maglaan ng 30 porsiyento para sa kababaihan na isama sa kanilang listahan. Maaari ding amyendahan ang batas ng party-list para ipakita ang isang mas proporsyonal na representasyon at hindi lamang magsilbi sa mga tradisyunal na pulitiko o pamilya ng mga pulitiko.
- Bigyan ng opsiyon ang mga botante para pumili ng mga sektor sa halip na mga indibidwal na kandidato sa pamamagitan ng block voting.
- Magsagawa ng desynchronized na pambansa at local na halalan para hindi masyadong mabigatan ang mga botante sa napakaraming pagpipilian.
- Baguhin ang mga patakaran para mapili ng mga botante ang pangulo at pangalwang pangulo bilang magka-tandem o magkasanib na tiket.
- Sa paggamit ng social media, bumuo ng isang matatag na balangkas ng regulasyon para isulong ang responsabilidad sa mga gumagawa o bumubuo ng nilalaman gayundin magpataw ng buwis sa pekeng balita/maling impormasyon sa mga account na nagpapatuloy sa pagpapakalat ng fake news at maling impormasyon.
- Magpatibay ng batas para maisaayos ang paggamit ng social media para sa mga kampanyang elektoral at para matiyak ang pagsunod sa batas na ito, bigyan ng kapangyarihan ang COMELEC bilang regulatory body.

PAMAMAHALANG LOKAL



Ang Kalagayan: Ang Desentralisasyon sa ilalim ng Local Government Code (LGC) ay nagkulang sa pagsusulong ng demokratisasyon, pagpapalakas at pagpapaunlad sa ekonomiya, at wastong pagpapairal ng batas sa mga Lokal na Pamahalaan o Local Government Units (LGUs).

Ang pagpasa ng 1991 Local Government Code (LGC) o Republic Act 7160 ay nagbigay ng kautusan na bumubuo sa patakaran na magsusulong para sa matibay na pamumuno, pakikilahok ng mga tao, at pagpapahusay sa mga pinagkukunang pinansyal. Gayumpaman, nagkulang sa pagsunod ang mga LGU at hindi maayos ang kinalabasan ng mga probisyon ng LGC sa desentralisasyon, demokratisasyon, wastong pagpapairal ng batas, karapatang pantao, at pagkakapantay-pantay ng kasarian. Kaugnay sa demokratisasyon, lantad pa rin ang pagbili ng boto at pagkakaroon ng political dynasties/nananatili ang magkakamag-anak sa pamumuno. Mayroon ding limitadong partisipasyon sa kasalukuyan ang mga civil society organization (CSOs) at ng taong-bayan sa mga local development council, local special bodies, at iba pang lokal na pamamaraan. Para sa desentralisasyon, sa kabila ng pagkakaloob ng awtonomiya, nananatili ang mga hamon sa paghahatid ng serbisyo lalo na sa panahon ng pandemyang COVID-19. Sa larangan ng wastong pagpapairal ng batas, karapatang pantao, at pagkakapantay-pantay ng kasarian, kulang pa rin ang mga nahalal na kababaihan sa lokal na yunit.

Samantala, may mga huwarang LGU na lumabas sa sistema ng desentralisasyon at ilan lang ang may ganitong kaso. Hindi pare-pareho ang pag-unlad ng mga rehiyon: may malaking pagkakaiba kaugnay sa karaniwang kapital ng mga lalawigan, lungsod, at munisipalidad. Ayon sa Bureau of Local Government Finance (BLGF), ang karaniwang kita ng mga lungsod noong 2020 ay humigit-kumulang dalawang beses na mas malaki kaysa sa mga probinsya, at humigit-kumulang isa't kalahating beses na mas malaki kaysa sa mga munisipalidad. Inasahan ng mga LGU ang kanilang bahagi sa national internal revenues para maging pondo at dahil sa kawalan ng kakayahan na makalikom nito mula sa mga lokal na pagmumulan at hindi sapat na kapasidad na pamunuan ang pagpapataw ng buwis sa mga na buwisang mga negosyong lokal.

Sa katunayan, hindi naging maayos ang paglilipat ng mga serbisyong pampubliko mula sa mga pambansang ahensiya patungo sa mga LGU. Isang dahilan ang hindi pagkakatugma sa mapagkukunan pondo na inilaan ng LGU at ang bunga ginawang pagkilos. Makapagpapatunay dito saklaw ng mga serbisyong pangkalusugan. Samantala, higit na napabubuti ang serbisyong pangkalusugan ng mga ina at napababa ang mga namamatay sa sanggol ng unit patuloy pa rin ang pagharap ng mga LGU sa pagbabago sa serbisyong pangkalusugan.

PAMAMAHALANG LOKAL



Kinakailangan asikasuhin ang usapin ng pananalapi para sa kalusugan, paghahatid ng serbisyo pangkalusugan sa publiko, benepisyo ng mga kawani, at kakulangan ng koordinasyong teknikal para sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan.

Sa kabila ng mga pangayayaring ito, inilabas ang Executive Order 138 noong 2021 upang pigilan ang paglilipat ng mga gawain, serbisyo, at pasilidad sa mga LGU na tinukoy sa LGC. Ito ay bilang tugon din sa desisyon ng Korte Suprema ng Mandanas-Garcia noong 2019, na magpapalawak sa bahagi ng mga LGU kaugnay sa pambansang kita - na magmumula lamang sa mga internal revenue tungo sa lahat ng pagbubuwis ng bansa. Gayumpaman, mangangailangan ang mga pagbabagong ito ng sapat na koordinasyon at inisyatiba sa paglikha ng kakayahan sa pagitan ng mga ahensiya ng pambansang pamahalaan at mga LGU, lalo na sa dalawang taong nakalipas sa ilalim ng isang pandemya.

Pagsusuri ng Blueprint: Kulang ang kakayahan ng mga LGU na gampanan ang kanilang bagong tungkulin, mababa ang pakikilahok ng mga tao dahil sa pagkontrol ng may kapangyarihan sa lokal na yunit, at kulang ang kinatawan ng kababaihan para sa pamumunong lokal.

Sa usapin ng desentralisasyon, nananatili ang tanong sa kakayahan ng mga LGU na gampanan ang mga bagong tungkulin partikular ang paghahatid ng mga serbisyong pampubliko. Maaaring magbunga ang pagbabago sa hiwa-hiwalay at hindi mahusay na paghahatid ng serbisyo sapagkat hindi malinaw ang pagtatalaga ng mga tungkulin sa iba't ibang antas ng pamahalaan. Nakakaapekto ang kakulangan ng koordinasyon sa pagitan ng mga LGU, pambansang ahensiya, at kanilang mga tanggapan sa iba't ibang rehiyon para sa paghahatid ng serbisyong pampubliko at pagganap ng LGU. Mahalaga na may sapat na kakayahan ng mga LGU kaugnay sa pagpapataas sa lokal na pondo gaya ng kautusan mula sa pamumuno ng Mandanas at mahusay na paghawak ng badyet para sa mga serbisyo. Ang pampublikong pamamahala sa pananalapi, pagsasanay na kabilang ang lokal na pagpapalano, investment programming, resource mobilization, at pagbabadyet ay mahahalaga para sa pagkamit ng mahusay na pamunuan.

Bukod dito, sapat ba ang pondong ililipat sa mga LGU upang maibigay ang lahat ng kaukulang serbisyo at responsibilidad na ibibigay sa mga lokal na yunit. Dapat naaayon ang mga mapagkukunan ng pondo sa mga ginagawang serbisyo. Kapansin-pansin rin na masyadong umaasa ang mga LGU sa pambansang pamahalaan dahil nagmumula rito ang humigit-kumulang animnapung porsyento ng kanilang kita mula sa mga internal revenue taxes.

PAMAMAHALANG LOKAL



Sa katunayan, may mga ginawang hakbang upang suriin ang paghahati at pagsasama ng mga LGU batay sa kanilang kakayahang umunlad, gaya ng itinatadhana sa seksyon 7 hanggang 9 ng LGC. Halimbawa, noong 2018, naglabas ang Department of Finance ng mga panuntunan para sa “paglikha, pagpapalit, pagsasama, at pagbubuwag” sa mga LGU batay sa kanilang kasalukuyan o inaasahang kita. Upang maiwasan ang paghahati ng mga teritoryal na yunit, iminumungkahi na tingnan ng mga LGU ang pamunuan kaysa sa pulitikal na mga yunit.

Kamakailan lamang mayroon development sa pagsasapribado ng mga mahahalagang serbisyo sa lokal na yunit. Halimbawa, ang pagsasapribado sa pagsusuplay ng tubig at kuryente ay nakababawas sa tungkulin ng mga LGU sa pag-ulad at maaaring magpahirap sa mga komunidad dahil sa kakulangan ng serbisyo.

Sa usapin ng demokratisasyon at kadalasang paglahok, kasama ang pagdedesisyon sa lokal na yunit ay naging mahina dahil sa political dynasties na nangunguna at kumokontrol sa pamumuno sa lahat ng antas ng gobyerno. Kulang ang sistema ng pagsisiyasat sa pagtugon at pananagutan ng mga namumuna sa lokal na yunit. Walang sistematikong pagsisiyasat ang ginagawa para sa wastong pagpapairal ng batas, karapatang pantao, at pagkakapantay-pantay ng kasarian, walang mekanismong susuri sa track record ng mga lokal na pamahalaan o magtitiyak na may ang kinatawang kababaihan at mga sektor na kulang sa representasyon.

Dapat isama ang mga panukala hinggil sa representasyon ng kababaihan at pakikilahok nila sa lokal na pagkilos. Mahalagang paraan ang ebalwasyon sa pagganap ng tungkulin upang makatulong sa mga nahalal para sa pagtatasa sa mga nagawa ng opisyal ng LGU at sa muli nilang pagkandidato.

Mga Rekomendasyon sa Blueprint: Dapat naaayon lamang ang mga ibinibigay na suplay ng LGU sa pagbabago ng serbisyo at kakayahan ng mga LGU sa pamamahala sa mga ito at paghahatid ng serbisyong pampubliko. Tiyakin na may kinatawan mula mga sektor at kababaihan sa lokal na pamahalaan.

- Kinakailangan na suriing mabuti ang posibilidad ng pagbabago sa panuntunan ng pagtanggap ng bahagi sa mga national revenues ayon sa LGC upang matiyak na nararapat ang naibibigay sa mga lalawigan at munisipalidad at gayundin makakuha nang higit na bahagi ang mas mahihirap na LGU kaysa sa mga maunlad na lungsod.

PAMAMAHALANG LOKAL



- Upang ganap na maisagawa ang mga pagbabago sa tungkulin, ang kinakailangan na magkakaroon ng kakayahan para sa mabisang pamamahala sa pananalapi at paghahanap ng suplay, pambansa at lokal na ugnayan, pangangasiwa sa lokal na pamunuan, at pagtatasa sa pagganap ng lokal na pamahalaan. Dapat din na magkaroon ng higit na pakikipagtulungan sa pagitan ng iba't ibang yunit ng pamahalaan, pagpapatupad ng mas mahigpit na sa sistemang pananagutan at katapatan, palagiang pagsangguni sa mga ahensiya ng pambansang pamahalaan tulad ng Department of Interior and Local Government (DILG), at iba pang stakeholder gaya ng mga unibersidad at CSO.
- Upang mapahusay ang pakikilahok ng mga tao, kinakailangang lumikha ng programa ang mga LGU para sa pamamahagi ng impormasyon at pangangasiwa ng pagsasanay sa mga mamamayan at komunidad upang palakasin ang kanilang kamalayan sa mga pundamental na batas ng bansa, karapatang pantao, at mga responsibilidad ng mga namumuno sa lokal at pambansa lalo na kung may kaugnayan sa pananagutan at katapatan, at kaalaman ng mga botante. Dapat din bigyan ng pagkakataon ang publiko na makilahok sa mga sistematikong pagkilos ng pamunuang lokal.
- Nakatitiyak na maraming maihahalal na kababaihang kandidato kung mapagbubuti ang ugnayan at samahan sa isang "zipper style" kungsaan nagsasalitan ang mga kalalakihan at kababaihang kandidato.
- Isang hamon ang pagtatakda ng hangganan sa political dynasties sa pambansang saklaw nito. Gayumpaman, maaari nang simulan ang pagpapakilala sa bagong mga probisyon mula sa mababang antas gaya ng Sangguniang Kabataan.

MGA UGNAYANG PANLABAS



Ang Kalagayan: Nabigo ang Pilipinas na magtatag ng matibay at matatag na ugnayang panlabas na pangmatagalan ang pambansang tunguhin.

Pinakamalawak ang ugnayan panlabas ng Pilipinas sa pagpapaunlad mula sa estratehikong kaligiran nito, lalo na ang pakikipag-ugnayan nito sa malalaking rehiyon tulad ng US at China, at ASEAN multilateral and regional arrangement. Sa isang banda, nakararanas ito ng tumitinding tunggalian ng malalakas at patuloy na pagtatalo sa teritoryo at may kaugnayan sa dagat sa katabi nitong bansang China. Sa kabilang banda, mayroon itong matagal nang kasunduang militar sa US para sa pagbibigay seguridad sa ibang mga estado sa Silangang Asya. Higit sa anumang sitwasyon, kailangang mas malinaw na tukuyin ng Pilipinas ang mga pagpapalano upang matulungan sa pangunguna sa panahong ng pagpapalakas ng bansa.

Ang usapin ukol sa West Philippine Sea (WPS) ang pinakakilalang estratehiya at palaisipan. Ipinakilala ng Administrasyong Aquino (2010-2016) ang China bilang “the other” magbigay suporta sa bayan dahil tinataglay nito ang kapangyarihang militar at maaaring maging banta sa seguridad na may kaugnayan sa dagat ng Pilipinas. Pinalakas nito ang ugnayan sa mga kaalyado tulad ng US at Japan. Gayumpaman, kabaligtaran ng Administrasyong Duterte (2016-2022) na pumanig sa mga bansang malapit dito gaya ng China at Russia na kilala sa pakikipagkompetisyon sa kadalasang kapanig nito. Nakikita ang mga bansang ito bilang alternatibong mapagkukunan ng suplay para sa merkado, teknolohiya, at makatutulong sa ekonomiya. Nananatili pinakamalaking hamon sa patakarang panlabas ng bansa ang China dahil makatutulong ito para sa pag-unlad ng ekonomiya, ngunit nananatiling banta sa kabuuang teritoryo ng bansa.

Sa iba pang saklaw ng patakarang panlabas, nananatiling mahina ang ekonomiya ng bansa dahil labis itong umaasa sa kita ng mga manggawa mula sa ibayong dagat at posibleng makaapekto sa usaping pampolitika ng bansa. Nagresulta sa limitasyon sa ekonomiya na malaking bahagi ay nagmumula sa trade in services dahil napigilan ang pagtatrabaho sa ibang bansa dulot ng pandemyang COVID-19. Kinakailangan palakasin ng bansa ang agrikultura at industriya upang matiyak na maayos ang ekonomiya dulot ng krisis sa mga rehiyon at pandaigdig.

MGA UGNAYANG PANLABAS



Pagsusuri ng Blueprint: Walang pagpapatuloy sa patakarang panlabas ang Pilipinas dahil lubos itong nakadepende sa Punong Tagapagpaganap (Chief Executive) na pangunahing nangangasiwa sa patakarang panlabas - isang kaayusan na maaaring humantong sa kawalan-tatag sa panahon ng mga pagpapalit ng pamunuan.

Ang makasaysayang tradisyon ng pagpapahintulot sa patakarang panlabas sa mga pangangasiwa ng Punong Tagapagpaganap ay nagbunga sa magkasalungat na mga paniniwala at nahahating identidad. Kung kaya, naging mahirap para sa bansa na magtakda at tukuyin ang pambansang interes nito. Higit itong pinalala ng kawalan ng isang malinaw, pare-pareho, pro-aktibo at non-partisan geopolitical strategy. Bukod sa sariling mga kagustuhan at pag-uugali ng pinuno, may ilang dahilan na nagiging pamantayan sa patakarang panlabas gaya ng mga ugnayan ng estado-lipunan, mga institusyon at mapagkukunang lokal, kultura, at kaligirang pampolitika. Sa katayuang ito, dehado ang publiko at wala nang interes sa mga usaping pandaigdig maliban kung ito tumutugon sa mga sitwasyon ng pandaigdigang krisis. Samakatwid, kinakailangan na may regularidad sa pagpapahusay ng patakarang panlabas sa mga pampublikong talakayan at pambansang diskurso upang malaman at pahalagahan ng mamamayan kung ano pakinabang nila at ng bansa.

Hindi na kailangang banggitin pa ang mga panlabas na impluwensiya, ang labis na paghihigpit sa pamamalakad at ang nagbabagong distribusyon ng kapangyarihan sa rehiyon ay nakakaapekto at pumipigil sa pagdedesisyon ng mga pinuno ng bansa. Gayumpaman, kinakailangan na bumuo ang mga gumagawa ng patakarang panlabas ng isang antas ng institusyonal na awtonomiya na tutukoy at susunod sa pambansang interes upang hindi naman laging nadepende sa ibang bansa. Dapat ding maintindihan ng Pilipinas na kailangan nitong gamitin ang mga mapagkukunan yaman upang suportahan ang pamamalakad nito at makapag-ambag sa kung paano palalaksin ang seguridad sa paraang makikinabang ang bansa.

Mga Rekomendasyon sa Blueprint: Nangangailangan ang Pilipinas ng isang kongkretong plano ng pagkilos na ginagabayan ng mga estratehikong interes upang panatilihin ang kapangyarihan at kabuuang teritoryo ng bansa. Dapat na magkaroon ng tiyak na bisyon at lugar sa pandaigdigang komunidad ang Pilipinas para sa mas mahusay na pamamalakad sa nagbabagong istruktura ng kapangyarihang rehiyonal at pandaigdig.

MGA UGNAYANG PANLABAS



- Tukuyin ang mga estratehikong interes ng Pilipinas na magsisilbing gabay sa pagbabalangkas at pagpapatupad ng malayang patakarang panlabas ng bansa. Sa layuning ito, ang mga foreign policymakers at mga nakaiimpluwensiya sa Pilipinas ay kailangang magabayan ng malinaw na mga tuntunin at pangmatagalang bisyon na lalampas sa Administrasyon ng Pangulo, o ng mga hinirang na pinuno sa sangay ng Tagapagpaganap.
- Suriin ang mga tungkulin at pinag-uutos ng National Security Council bilang nangungunang ahensiya sa pamamahala ng pambansang seguridad. Maaaring magbigay ang Konseho ng pangmatagalang direksyon, pagkakaisa, at institusyonalisasyon ng mga patakaran sa pambansang seguridad at tiyakin ang isang mas obhetibong pamamaraan sa pambansang seguridad sa mahabang panahon.
- Dapat panatilihin ang patakarang panlabas ng Pilipinas na matatag at may seguridad ang kaalyansang rehiyon upang pangasiwaan ang mga napapanahong pangyayari sa WPS sa pamamagitan ng paggamit ng diplomasya upang suportahan ang pamamalakad para sa kapakinabangan ng bansa. Ang WPS ay isang mahalagang bahagi ng kompetisyong geostrategic sa pagitan ng rehiyonal at ng mga kapangyarihang panlabas, at dapat din na kumikilos ang Pilipinas sa pag-impluwensya at paghubog sa resulta ng kompetisyong iyon.
- Kailangang baguhin ang pagtingin sa WPS. Higit pa ito sa isang tagpuan sa pagharap sa pagitan ng mga may pangunahing kapangyarihan. Isang bukal ng mga likas na yaman at koneksyon ng mga serbisyong ekolohikal na susi sa pag-unlad ng Blue Economy na halos hindi pa nararanasan ng bansa. Dapat pondohan ang pananaliksik sa WPS, at dapat isulong at panatilihin ang mga aktibidad sa pagsaliksik, pagpapaunlad, at pamamahala.
- Kaugnay sa pagpapayabong ng kaalaman at pakikilahok ng publiko sa mga pandaigdigang isyu, kailangang ipakilala ang komunidad ng akademya lalo na ang Unibersidad ng Pilipinas. Dapat itong manguna sa pagtatatag ng maraming plataporma kung saan maaaring makisali ang publiko sa mga talakayan sa patakarang panlabas na nagtatampok ng mga pakinabang sa bansa, nagpapaliwanag ng mga pambansang patakaran at estratehiya, nag-oorganisa ng mga nasasakupan para sa pag-abot ng mga interes, patakaran, at estratehiyang, at bumuo ng saligan para sa matatag at pangmatagalang batayan saligan para sa malayang patakarang panlabas ng Pilipinas.
- Bumuo ng magkakaugnay na balangkas ng patakarang panlabas na isinasaalang-alang ang paulit-ulit na ugnayan sa pagitan ng internasyonal na pakikitungo at ekonomiyang pampulitika, at tradisyonal at hindi tradisyonal na seguridad.

Opisina ng Tsanselor, UP Dlliman

Chancellor Fidel R. Nemenzo, D.Sc.

Task Force on a Blueprint for Building the Nation

Antoinette R. Raquiza, Ph.D., Asian Center (Chair)
Jay L. Batongbacal, Ph.D., College of Law
Joseph J. Capuno, Ph.D., School of Economics
Assistant Professor Ma. Ivy A. Claudio, College of Mass Communication
Jose Antonio R. Clemente, Ph.D., Department of Psychology
Tina S. Clemente, Ph.D., Asian Center
Laura T. David, Ph.D., Marine Science Institute
Teresa S. Encarnacion Tadem, PhD., Department of Political Science
Francisco J. Lara Jr., Ph.D., Department of Sociology
Maria Victoria R. Raquiza, Ph.D., National College of Public Administration
and Governance

PAGKILALA/PASASALAMAT

Ang Task Force on a Blueprint for Building the Nation ay nagpapasalamat sa mga lumahok sa #PILiPiLUNAS2022 webinar series na nagbahagi rin ng kanilang pananaliksik, pagsasanay, at iba pang mga gawa sa mga naging talakayan na humahantong sa pagbuo at pagpapayaman ng Governance Agenda.

WEBINAR CONVENORS

Maria Ela L. Atienza, Ph.D., *Pamahalaang Lokal*
Joseph J. Capuno, Ph.D., *Panunumbalik at Pagbabagong Pang-Ekonomiya*
Jose Antonio R. Clemente, Ph.D., *Kamustahin ang Bayan*
Gerald Jo C. Denoga, Ph.D., *Patakarang Pang-Industriyal*
Professor Herman Joseph S. Kraft, *Ugnayang Panlabas*
Fernando Paragas, Ph.D., *Mataas na antas ng Edukasyon*
Antoinette R. Raquiza, Ph.D., *Patakarang Pang-Industriyal*
Maria Victoria R. Raquiza, Ph.D., *Pambansang Panlipunang Proteksyon*
Ricardo D. Sigua, Ph.D., *Pampublikong Transportasyon*
Jorge V. Tigno, DPA, *Mga Repormang Elektoral at Politikal*

KUMUSTAHIN ANG BAYAN

Walden Bello, Ph.D.
Kara David
Rosemarie G. Edillon, Ph.D.,
Undersecretary (Usec), National
Economic and Development Authority
Ronald Holmes, Ph.D.
Mahar Mangahas, Ph.D.

ANG PAGBANGON AT PAGBABAGO NG EKONOMIYA

Rafaelita Aldaba, Ph.D., Usec.,
Department of Trade and Industry (DTI)
Cielo D. Magno, Ph.D.
Adrian Mendoza, Ph.D.
Manuel Montes, Ph.D.
Rene Ofreneo, Ph.D.
Jan Carlo B. Punongbayan, Ph.D.
Renato E. Reside, Jr., Ph.D.

ANG PAMBANSANG PANLIPUNANG PROTEKSYON

Alex V. Avila, Assistant Secretary,
Department of Labor and Employment
Veronica Baluyut-Jimenez
Assistant Professor Herisadel Flores
Rene Ofreneo, Ph.D.
Maria Victoria R. Raquiza, Ph.D.
Markus Ruck, Senior Social Security
Specialist, International Labour
Organization
Rolando Toledo, Usec., Department of
Budget and Management
Representative Alfred Vargas

MATAAS NA ANTAS NG EDUKASYON

Diosdado San Antonio, Usec., Department
of Education
Patricia Arinto, Ph.D.
Maria Cynthia Rose Bautista, Ph.D.
David B. Bungallon, Executive Director,
Technical Education and Skills
Development Authority
Assistant Professor Nelson Cainghog
Dina Ocampo, Ph.D.
Edicio dela Torre

PATAKARANG PANG-INDUSTRIYAL

Rafaelita Aldaba, Usec., DTI
Fortunato de la Peña, Secretary,
Department of Science and Technology
Meleneo Carlos III
Atty. Adrian Cristobal Jr.
Gerald Jo Denoga, Ph.D.
Rolando Ramon Diaz, Ph.D.
Danilo C. Lachica, Ph.D.
Engr. Rafael Nestor Mantaring
Antoinette R. Raquiza, Ph.D.
Giovanni A. Tapang, Ph.D.

PUBLIC TRANSPORTATION

Juliet de Jesus
Cresencio Montalbo, Jr., Ph.D.
Joemier D. Pontawe
Jose Regin F. Regidor, Ph.D.
Yuri P. Sarmiento
Robert "Robbie" Sy, Ph.D.
Engr. Riza Marie Tan-Paches
Noriel Christopher Tiglao, Ph.D.
Lew Andrew Tria, Ph.D.

MGA REPORMANG ELEKTORAL AT POLITIKAL

Aries A. Arugay, Ph.D.
Jean Encinas-Franco, Ph.D.
Paul Hutchcroft, Ph.D.
James Jimenez, Executive Director,
Commission on Elections
Atty. Luie Tito Guia
Prof. Luz Rimban
Jorge V. Tigno, DPA

PAMAHALAANG LOKAL

Irma Asuncion, Ph.D.
Maria Ela L. Atienza, Ph.D.
Alex B. Brillantes, Ph.D.
Joseph J. Capuno, Ph.D.
Eduardo C. Tadem, Ph.D.
Mario Villaverde, Usec., Department of
Health

UGNAYANG PANLABAS

Jay L. Batongbacal, Ph.D.
Gen. (Ret.) Emmanuel Trinidad Bautista
Tina S. Clemente, Ph.D.
Ambassador Laura Quiambao-Del Rosario
Professor Herman Joseph S. Kraft
Maria Thaemar Camañag Tana, Ph.D.

Patnugot: Antoinette R. Raquiza, Ph.D.

Pangkat ng Editoryal: Herlyn Gail A. Alegre, Levi Guillermo L. Geganzo, Kiwanis M. Abunda & Mary Josephine M. Bautista

Taga-disenyo: Andrian Alpas

Produksyon: Justin Michael H. Beneraba, Marie Francine L. Ciasico, & Jeselle O. Laguna

Dokumentasyon at Transkripsyon: Sarryna Gesite & Jessica P. Loja

Nagsalin sa wikang Filipino: Katherine T. Jayme, Elfrey VC. Paterno, Gemma C.

Dalmacion, Ma. Olivia O. Nueva Espana & John Christopher DG. Lubag

Para sa mga katanungan, makipag-ugnayan kay:

Antoinette R. Raquiza, Ph.D., UP CIDS Political Economy Program

Email: pep.cids@up.edu.ph

Youtube Channel: bit.ly/pilipilunas2022